INLAND REGIONAL CENTER

... pinapahalagahan ang pagsasarili, ingklusyon, at pagbibigay-kakayahan

P. 0. Box 19037, San Bernardino, CA 92412-6127
Telepono: (909) 890-3000
Fax: (909) 890-3001

Mayo 31, 2022

Sa Kinauukulan:

Nakalakip ang Ulat ng Pagbili ng Serbisyo (Purchase of Service o POS) at plano ng Inland Regional Center (IRC) na tiyaking ang mga serbisyong awtorisado at inaprubahan ay may pinakamataas na kalidad at mapapakinabangan ng lahat ng Kliyente- anuman ang edad, wika, etnisidad, diagnosis, heograpikong lokasyon, mga sitwasyon sa paninirahan, o iba pang natutukoy na hamon.

Patuloy kaming nakikipagtulungan sa pangangalap ng mungkahi mula sa komunidad. Patuloy na nakikipagtulungan ang IRC sa Autism Society of lnland Empire (ASIE), mga Organisasyong Nakabatay sa Komunidad (Community Based Organization o CBO), maraming grupo ng suporta sa magulang, Komite ng Pagpapayo sa Kliyente (Client Advisory Committee o CAC), at Konseho ng Estado sa Mga Developmental na Kapansanan (State Council on Developmental Disabilities o SCDD) para tumulong sa pag-market ng Data ng Pagbili ng Serbisyo at mga petsa ng pagpupulong.

Ngayong taon, paunang ni-record ng IRC ang presentasyon at inilabas nito ito linggo-linggo sa social media, kasama ng isang survey. Dagdag pa rito, ginawang available ang presentasyon sa lahat ng tauhan ng IRC gamit ang link sa paunang ni-record na video sa YouTube. Gayundin, nai-live stream ng mga team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad at IT team ang pagpupulong noong Pebrero 16, 2022, sa English, at Pebrero 17, 2022, sa Spanish. Interactive ang live-stream sa Zoom na may session para sa komento ng publiko, at nakapangalap kami ng mungkahi at nakasagot kami ng mga tanong gamit ang format na ito.

Ang nakalakip na ulat ay may mungkahi mula sa aming komunidad, mga katuwang na organisasyon, at mga tauhan, na ibinuod nang may planong ipagpatuloy ang pagtugon sa mga pagkakaiba-iba sa Pagbili ng Mga Serbisyo (POS).

Inaanyayahan ka rin naming suriin ang aming bagong page na Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo (Service Access and Equity o SAE) sa www.inlandrc.org/SAE.

Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa akin sa (909) 890-3400 o sa pamamagitan ng email sa Ljohnson@inlandrc.org para sa anumang tanong, alalahanin, o karagdagang mungkahi. Ikalulugod naming magkaroon ng pagkakataong talakayin sa iyo ang aming mga aktibidad.

Taos-puso,

Lavinia Johnson

Lavinia Johnson
Executive Director
Inland Regional Center

Mga karaniwang acronym na ginamit sa kabuuan ng ulat na ito

ASIE	Autism Society Inland Empire
CAC	Consumer Advisory Committee (Komite ng Pagpapayo sa Consumer)
CSC	Consumer Services Coordinator (Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyo sa Consumer)
CBO	Community Based Organization (Organisasyong Nakabatay sa Komunidad)
CEU	Continuing Education Unit (Unit para sa Continuing Education)
CFT	Child Family Team (Team ng Pamilya ng Bata)
CLASE	Colaboración, Liderazgo, Abogacía, Servicio y Educación (collaboration [pakikipagtulungan], leadership
CP	Cerebral Palsy
DACA	Deferred Action for Childhood Arrivals
DDS	Department of Developmental Services (Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo)
DRC	Disability Rights California
EPU	Exceptional Parents Unlimited
ICF	Intermediate Care Facility (Pasilidad ng Intermediate na Pangangalaga)
ID/DD	Intellectual Disability (Kapansanan sa Pag-iisip)/Developmental Disability (Developmental na
IEP	Individualized Education Program (Indibidwal na Programa sa Edukasyon)
IHSS	In-Home Support Services (Mga Pansuportang Serbisyo sa Bahay)
IPP	Individual Program Planning (Pagpaplano ng Indibidwal na Programa)
IRC	Inland Regional Center
ISC	Infant Services Coordinator (Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyo sa Sanggol)
LMS	Learning Management System (Sistema ng Pamamahala ng Pag-aaral)
NOA	Notice of Action (Abiso ng Pagkilos)
OCRA	Office of Clients' Rights Advocacy (Tanggapan ng Pagtataguyod ng Mga Karapatan ng Mga Kliyente)
OT	Occupational Therapy
POS	Purchase of Service (Pagbili ng Serbisyo)
PT	Physical Therapy
RC	Regional Center (Panrehiyong Sentro)
SAE	Service Access and Equity (Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo)
SCDD	State Council of Developmental Disabilities (Pang-estadong Konseho para sa Mga Developmental na
SDP	Self Determination Program
SSI	Supplemental Security Income
TASK	Team of Advocates for Special Kids (Team ng Mga Tagapagtaguyod para sa Mga Batang May
UCR/SEARCH	University of California Riverside/Support (Suporta), Education (Edukasyon), Advocacy
VAC	Vendor Advisory Committee (Komite ng Pagpapayo sa Vendor)

Mga Gawaing Dapat Isagawa sa Data sa Dibersidad/Pagkakaiba-iba/SAE

Isinagawa ng Inland Regional Center ang mga sumusunod na pagkilos upang dumami ang virtual na dadalo at lalahok sa talakayan ng access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo kaugnay ng Pagbili ng Serbisyo (POS):

- Noong Nobyembre 23, 2021, inanunsyo at na-post sa website at kalendaryo ng IRC ang virtual na Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS na "Gusto Naming Malaman ang Iyong Opinyon!".

- Noong Disyembre 27, 2021, na-post ang Data ng POS sa website ng IRC sa English at Spanish sa ilalim ng page na Accountability.

- Noong Enero 6, 2022, ipinadala ang PPT ng POS na may voiceover sa mga Direktor ng IRC.

- Noong Enero 11, 2022, ipinresenta ang PPT ng POS sa mga Direktor ng IRC.

- Noong Enero 11, 2022, in-email sa lahat ng tauhan ng IRC ang PPT ng pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS na may voiceover at link sa survey ng stakeholder. Inanyayahan ang lahat ng tauhan ng IRC na panoorin ang presentasyon, magbigay ng feedback sa pamamagitan ng pagsagot sa survey, at ipinaalam sa kanila ang tungkol sa mga live/virtual na session para sa mungkahi ng publiko sa Pebrero 16 at 17.

- Noong Enero 11, na-post ang PPT na presentasyon ng Data ng Pagkakaiba-iba ng POS na "Gusto Naming Malaman ang Iyong Opinyon!" na may link sa survey ng stakeholder sa mga social media platform ng IRC: Facebook, Instagram, at Twitter, na nagsimula ng serye ng mga lingguhang post sa loob ng anim na magkakasunod na linggo bago ang mga live na session para sa mungkahi ng publiko. Naganap ang serye ng mga lingguhang post noong: Enero 11, 17, 24, 31 at Pebrero 7 at 14.

- Noong Enero 12, 2022, nakipagpulong ang Manager ng Programa ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad sa mga kasalukuyang CBO na may mga grant sa SAE mula sa DDS, at inanyayahan niya silang dumalo sa mga pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS ng IRC.

- Noong Enero 12, 2022, inanunsyo ng Espesyalista sa Kultura ng IRC ang mga live/virtual na Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa Pebero 16 at 17 na "Gusto Naming Malaman ang Iyong Opinyon!" sa mga dumalo sa Spanish na grupo ng suporta sa magulang na Virtudes Especiales. Inanyayahan ang mga dumalo na sumali sa mga pagpupulong at hinikayat silang isumite ang kanilang mga komento at suhestyon sa session para sa mungkahi ng publiko o sa pamamagitan ng survey o email.

- Noong Enero 14, 2022, ipinresenta ng Espesyalista sa Kultura ng IRC ang Data ng POS sa mga pinuno ng C.L.A.S.E. at nagbigay siya ng link sa survey ng stakeholder.

- Noong Enero 14, 2022, inanyayahan ang mga pinuno ng C.L.A.S.E. na dumalo sa mga live na pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS at hinikayat silang magbigay ng mungkahi ng publiko.

- Noong Enero 19, 2022, ipinresenta ang Data ng POS sa team ng Disparity Link ng IRC.

- Noong Enero 20, 2022, inanunsyo ang mga pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa Facebook page ng Komite ng Pagpapayo sa Kliyente (CAC) ng IRC.

- Noong Pebrero 2, 2022, ibinahagi ang anunsyo ng Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko na "Gusto Naming Malaman ang Iyong Opinyon!" sa Tagapagtaguyod ng Mga Karapatan ng Mga Kliyente mula sa Tanggapan ng Pagtataguyod ng Mga Karapatan ng Mga Kliyente (OCRA)/Disability Rights California (DRC).

- Noong Pebrero 10, 2022, ipinresenta ng Espesyalista sa Kultura ng IRC ang data ng POS at link sa survey ng stakeholder sa "Hang Out" ng IRC/CAC. Hinikayat ang mga dumalo na ibigay ang kanilang mga komento at suhestyon sa pamamagitan ng survey o email at inanyayahan silang dumalo sa mga live na pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa Pebrero 16 at 17.

- Noong Pebrero 11, 2022, na-post ng Espesyalista sa Kultura ng IRC ang mga flyer sa pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa English at Spanish sa Facebook page ng C.L.A.S.E.

- Noong Pebrero 14, 2022, ibinahagi ang anunsyo ng pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko na "Gusto Naming Malaman ang Iyong Opinyon!" sa Komite ng Pagpapayo sa Vendor (VAC). Hinikayat ang mga dumalo na dumalo sa mga live na pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa Pebrero 16 at 17.

- Noong Pebrero 16, 2022, ipinresenta sa komunidad sa English ang live na virtual na presentasyon ng Data ng Pagkakaiba-iba ng POS na "Gusto Naming Malaman ang Iyong Opinyon!" na may session para sa mungkahi ng publiko.

- Noong Pebrero 17, 2022, ipinresenta sa komunidad sa Spanish ang live na virtual na presentasyon ng Data ng Pagkakaiba-iba ng POS na "Gusto Naming Malaman ang Iyong Opinyon!" na may session para sa mungkahi ng publiko.
    - Session sa English 5-6pm
        - Bilang ng mga dumalo = 26
    - Session sa Spanish 5-6pm
        - Bilang ng mga dumalo = 18

- Kabuuang bilang ng mga survey sa Mungkahi ng Publiko na natanggap mula sa lahat ng source na nabanggit sa itaas: 8
    - Mga survey sa English = 6
    - Mga survey sa Spanish = 2

Taon ng Pananalapi 2020-2021
Mga Tala sa Pagpupulong ng Stakeholder sa Presentasyon ng Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo "We Want to Hear from You!"
Mungkahi ng Publiko sa Pagbili ng Serbisyo
Pebrero 16, 2022 – Session sa English
5:00 PM hanggang 6:00 PM

Virtual na dinaluhan nina:
Lavinia Johnson, Executive Director, Vince Toms, Direktor ng Mga Serbisyo sa Komunidad, Treva Webster, Direktor ng Early Start, Intake, Clinical, and FRN, CJ Cook, Manager ng Programa ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, Kurtis Franklin, Manager ng Programa ng IT, Lilliana Garnica, Espesyalista sa Kultura, Daisy Quiroz, Espesyalista sa Mga Ugnayan sa Komunidad, George Gonzalez, CST III, Ismeth Estrada, CST I, Gregory Harris, Tagapagtaguyod ng Consumer.

Mga CBO na dumalo

- Access Non-Profit Center
  - Ardena Bartlett – Parenting Black Children (PBC) na proyekto mula sa grant sa SAE
- Autism Society Inland Empire
  - Beth Burt – Colaboración, Liderazgo, Abogacía, Servicio y Educación (C.L.A.S.E.)
- Familias First
  - Victor Campos – Creating Leadership Among Parents (CLAP) na proyekto mula sa grant sa SAE
- Padres con Ganas
  - Martha Barragan at Maria Martinez – Genuine, Animate, Navigate, Assist, Succeed (GANAS)

Kabilang sa mga stakeholder na virtual na dumalo ang mga miyembro ng komunidad, kliyente, magulang/tagapangalaga, vendor, at mga tauhan ng IRC. Bilang ng mga dumalong stakeholder = 26

Kabilang sa presentasyon ang mga karaniwang acronym ng panrehiyong sentro, mahahalagang timeline ng pagkakaiba-iba ng POS, mga disclaimer sa IRC at DDS, impormasyon tungkol sa Mga Gastusin sa POS, pagdami ng mga Kliyente at tauhan ng IRC, ang Unit para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, Grant sa Transportasyon, mga kasalukuyan at pinal na proyekto sa SAE ng CBO, mga highlight ng data ng pagkakaiba-iba ng POS, mga hindi inaasahang balakid na nauugnay sa IRC at sa komunidad ng IRC, mga nagawa at panukalang layunin, Spanish na virtual na grupo ng suporta sa magulang, mga balakid sa SAE at mga median rate, listahan ng mga karaniwang serbisyo ng IRC, impormasyon tungkol sa mga pagpupulong ng BOT ng IRC, paanyaya sa paparating na Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa Kontrata sa Performance ng IRC, impormasyon tungkol sa kung paano manatiling konektado, paano makipag-ugnayan sa Espesyalista sa Kultura ng IRC, mga presentasyon ng proyekto sa SAE ng CBO, isang session para sa Mungkahi ng Publiko, at mga link sa mga taunang survey sa POS.

Maaari ninyong suriin ang data ng pagkakaiba-iba ng POS noong 2020/2021 sa English sa: https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2022/01/IRC-POS-Disparity-Data-Reports-2020-2021-2.pdf

Maaari ninyong balikan ang pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa English sa: https://youtu.be/DnI08LDJn6o

Taon ng Pananalapi 2020-2021
Mga Tala sa Pagpupulong ng Stakeholder sa Presentasyon ng Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo "¡Queremos Saber Su Opinion!"
Mungkahi ng Publiko sa Pagbili ng Serbisyo
Pebrero 17, 2022 – Session sa Spanish
5:00 PM hanggang 6:00 PM

Virtual na dinaluhan nina:
CJ Cook, Manager ng Programa ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, Kurtis Franklin, Manager ng Programa ng IT, Lilliana Garnica, Espesyalista sa Kultura, Daisy Quiroz, Espesyalista sa Mga Ugnayan sa Komunidad, George Gonzalez, CST III, Ismeth Estrada, CST I.

Mga CBO na dumalo

- Autism Society Inland Empire
    - Clara Garcia – Colaboración, Liderazgo, Abogacía, Servicio y Educación (C.L.A.S.E.) na ang ibig sabihin sa Tagalog ay pakikipagtulungan, pamumuno, pagtataguyod, serbisyo, at edukasyon
- Familias First
    - Victor Campos – Creating Leadership Among Parents (CLAP) na proyekto mula sa grant sa SAE
- Padres con Ganas
    - Martha Barragan at Maria Martinez – Genuine, Animate, Navigate, Assist, Succeed (GANAS)

Kabilang sa mga stakeholder na virtual na dumalo ang mga miyembro ng komunidad, kliyente, magulang/tagapangalaga, vendor, at mga tauhan ng IRC. Bilang ng mga dumalong stakeholder = 18

Kabilang sa presentasyon ang mga karaniwang acronym ng panrehiyong sentro, mahahalagang timeline ng pagkakaiba-iba ng POS, mga disclaimer sa IRC at DDS, impormasyon tungkol sa Mga Gastusin sa POS, pagdami ng mga Kliyente at tauhan ng IRC, ang Unit para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, Grant sa Transportasyon, mga kasalukuyan at pinal na proyekto sa SAE ng CBO, mga highlight ng data ng pagkakaiba-iba ng POS, mga hindi inaasahang balakid na nauugnay sa IRC at sa komunidad ng IRC, mga nagawa at panukalang layunin, Spanish na virtual na grupo ng suporta sa magulang, mga balakid sa SAE at mga median rate, listahan ng mga karaniwang serbisyo ng IRC, impormasyon tungkol sa mga pagpupulong ng BOT ng IRC, paanyaya sa paparating na Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa Kontrata sa Performance ng IRC, impormasyon tungkol sa kung paano manatiling konektado, paano makipag-ugnayan sa Espesyalista sa Kultura ng IRC, mga presentasyon ng proyekto sa SAE ng CBO, isang session para sa Mungkahi ng Publiko, at mga link sa mga taunang survey sa POS.

Maaari ninyong suriin ang data ng pagkakaiba-iba ng POS noong 2020/2021 sa Spanish sa: https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2022/01/IRC-POS-Disparity-Data-Reports-2020-2021-2-Sp.pdf

Maaari ninyong balikan ang Power Point presentation ng pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa Spanish sa: https://youtu.be/x8diApZzYHg

Mga Isyung Natukoy at feedback mula sa Mga Virtual na Pagpupulong ng Stakeholder ng SAE, Mga Survey para sa Mungkahi ng Publiko, at presentasyon ng data ng pagkakaiba-iba ng POS sa iba't ibang grupo sa komunidad ng IRC.

01/14/2022 Mungkahi mula sa C.L.A.S.E. Mga Pinuno:

- Kahit inalis na ng DDS ang limitasyon sa pagpapahinga, sinasabi ng mga CSC sa mga pamilya na 30 oras lang ng pagpapahinga ang makukuha nila.
- Hindi alam ng mga pamilya na maaaring baguhin ang IPP anumang oras.
- Gumawa ng mga 30 segundong video para sa komunidad tungkol sa mga pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS.
- Simulan ang mga pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa isang tanong.
- Magpadala ng mga anunsyo ng pagpupulong sa POS sa pamamagitan ng text message.
- Gumawa ng maikling Power Point presentation ng Power Point tungkol sa pagkakaiba-iba sa POS na magagamit ng mga pinuno ng CLASE para ipresenta sa kanilang mga grupo at audience. Sanayin ang mga pinuno ng CLASE sa kung paano ipresenta ang Power Point na ito sa kanilang mga grupo at audience. Maaari itong magsilbing karagdagang paraan para mangolekta ng mungkahi ng publiko at data mula sa komunidad. Mahihikayat ng mga pinuno ng CLASE ang kanilang mga grupo at audience na dumalo sa mga live na pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS ng IRC at maipapaliwanag nila sa kanilang mga grupo at audience kung paano magbigay ng mungkahi ng publiko.
- Kung hihiling ako ng serbisyo at walang vendor ang panrehiyong sentro na makakapagbigay sa akin ng serbisyong iyon, dapat gawin ng panrehiyong sentro ang programa.

01/19/2022 Mungkahi mula sa mga dumalo sa "Disparity Link":

- "Gusto kong magbahagi ng isang bagay na narinig ko mula sa ilan sa mga pamilyang pinaglilingkuran ko sa silangang bahagi ng Coachella Valley. Napakalaki ng pangangailangan sa mga komunidad na iyon, marami roon ay mga imigrante at manggagawa sa agrikultura. Marami rin ang may mga napakasimpleng bahay at nagsabi na hindi sila humihingi o tumatanggap ng mga serbisyo dahil ikinahihiya nila ang mga simpleng bahay nila, at/o gusto muna nilang kumpunihin ang mga ito bago sila maging kumportable na pumunta sa kanilang bahay ang isang vendor o ibang tao. Sa kasamaang-palad, dahil sa limitadong kita, wala silang pondo para gawin ang mga pagkukumpuni tulad ng mga tumutulong bubong kapag umuulan, o mga pampagandang pagkukumpuni."

02/10/2022 Mungkahi mula sa mga dumalo sa "Hang Out":

- Kailangan pa natin ng mga programa.
- Dapat pang pagtuunan ang komunidad ng mga bingi at may problema sa pandinig.
- Kulang ang oras ng mga CSC para sa mga kliyente nila dahil masyadong marami ang caseload nila.
- Kailangang magtulungan tayong lahat.

02/16/2022 Mungkahi mula sa live na Virtual na Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa English:

- Ang mungkahi ko para sa pagtugon sa Walang POS ay makipag-ugnayan sa mga grupong iyon at tanungin lang kung bakit? Marami ang paraan para magawa ito, survey sa telepono, focus group, atbp.... Ni hindi alam ng ilang pamilya na may mga serbisyo

sila sa RC.

- Salamat sa lahat ng makabuluhang impormasyon!
- Ipinresenta ni Ardena mula sa Access Non-Profit Center ang kanilang proyekto sa SAE na Parenting Black Children.
- Ang anak ko at ang mga katulad namin ay karapat-dapat na magkaroon ng pantay na access sa mga serbisyo at programang magbibigay-daan sa aming magkaroon ng napakagandang kinabukasan. Ang pagkakaroon ng pantay na access sa mga serbisyo ay hindi kasing dali ng ABC at 123. Binabati ko ang IRC at partikular na ang gawa ng Espesyalista sa Kultura na si Lilliana Garnica sa pagsuporta sa aming inisyatiba at sa pagiging tunay na katuwang sa pagbabawas ng mga pagkakaiba-iba.
- Binabati ko ang IRC at ang marami sa kanilang mga SC na dumalo sa mga workshop na Pagpapakumbaba kaugnay ng Kultura: Mga Boses ng Mga Black at Mga Developmental na Kapansanan.
- Binabati ko si Lilliana sa ginagawa niya. Sa team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, nadama kong kasali ako, hindi lang bilang magulang ngunit isang CBO at isang tao na talagang sumusuporta sa dibersidad at bawat bahagi ng dibersidad kaya nagpapasalamat ako sa paggawa ng tulay na iyon kung saan tayo makakatawid papunta at pabalik sa magkabilang panig. Maraming salamat, IRC, sa lahat ng ginagawa ninyo para mabawasan ang mga pagkakaiba-iba sa komunidad.
- Ipinakilala ni Beth mula sa ASIE at nagbigay siya ng update tungkol sa Komunidad ng Kagawian na proyekto sa SAE ng C.L.A.S.E.
- Gusto ko ring ulitin ang sinabi ni Ardena, isang malaking pasasalamat sa Inland Regional Center. Sa palagay ko ay ito na ang pinakamahusay ninyong pagpupulong sa POS. Nagustuhan ko ang presentasyon. Mahusay at salamat.
- Napakagandang makipagtulungan sa karamihan sa mga tauhan sa IRC.
- Naghahanap ang komunidad ng iba't ibang opsyon para sa social recreation tulad ng mga klase sa sining at musika at pangangabayo na magiging available para sa komunidad na mababayaran ng IRC. Nagpadala ang mga pinuno ng CLASE ng liham sa DDS na naglalaman ng mga serbisyong ito na ipinapanukala namin.
- Alam natin na dahil sa COVID, naapektuhan ang paggamit ng mga serbisyo pero gusto naming malaman kung ano ang magiging plano ng muling integrasyon. Titingnan ba natin ito mula sa isyu ng pagkakaiba-iba sa heograpiya pati na rin sa etnisidad at wika? Titiyakin nating magkakaroon ang mga pamilya ng pantay na access at aalamin natin ang mga balakid habang sinisimulan nating bumalik sa tunay na mundo. Salamat sa lahat ng inyong ginagawa. Ikinararangal at ikinagagalak kong makipagtulungan sa inyong lahat.
- Ardena, salamat sa iyong mungkahi at paglahok ngayon. Pinapahalagahan namin sa IRC ang pagkakataong makipagtulungan sa iyo at sa iyong CBO!
- Gusto kong pasalamatan sina Ardena at Beth para sa inyong pamumuno sa ating komunidad at para sa pakikipagtulungan!
- Ipinakilala ni Victor mula sa Familias First ang proyekto sa SAE na CLAP.
- Maraming salamat Lilliana sa iyong suporta at pakikipagtulungan at kakayahang magdaos ng maraming pagpupulong upang pinuhin at talagang tukuyin ang iba't ibang bahaging iyon mula sa panrehiyong sentro. Nakatulong din ang kakayahang bumuo ng mga koneksyon sa mga SC at iba pang miyembro ng tauhan sa panrehiyong sentro.
- Salamat, Victor! Nagpapasalamat ako na kasama kita sa team at sa ating komunidad.
- Salamat, Vince! Nagpapasalamat kami sa iyong suporta at pakikipagtulungan para sa

aming komunidad!

- Ipinakilala ni Martha mula sa Padres con Ganas ang kanilang proyekto sa SAE na GANAS. Nagpapasalamat kami sa suporta ni Lilliana sa kabuuan ng proyekto.
- OCRA: Kailangan ng mga pamilya ng tulong at hindi masigasig tumulong ang IRC. Kailangang bumuo ng IRC ng mga focus group para alamin pa ang mga kultural na pangangailangan ng mga pamilyang hindi sapat ang natatanggap na serbisyo. Palagi kong naririnig mula sa mga kliyente at kanilang mga pamilya na humiling sila ng mga serbisyo mula sa panrehiyong sentro at tinanggihan sila o mayroon silang mga awtorisadong serbisyo ngunit hindi nila nagamit ang mga ito dahil sa mga pang-administratibong isyu sa pagsisimula ng serbisyo o mga serbisyong hindi available sa lugar, at hindi pa ginagawa ng panrehiyong sentro ang mga pagsisikap na iyon sa mga lokal na provider para mapayagan ang mga bagong vendor sa partikular na lugar na iyon. Malinaw na ipinapakita ng data na mayroon ngang mga pagkakaiba-iba sa mga etnikong grupong tumatanggap ng mga serbisyo mula sa mga panrehiyong sentro at hindi dapat mangyari iyon. Dapat magsagawa ang panrehiyong sentro ng karagdagang pakikipag-usap sa mga komunidad na ito para maabot ang mga grupong hindi sapat ang natatanggap na serbisyo para mas malaman ng mga kliyenteng ito ang mga available na serbisyo. Inirerekomenda namin na patuloy na magsagawa ang panrehiyong sentro ng mga focus group ng mga consumer at ng kanilang mga pamilya para makapagtanong tungkol sa kanilang mga pangangailangan sa kultura at wika kaugnay ng mga serbisyo at suporta sa pamamagitan ng panrehiyong sentro. Ang aking pasalitang komento ngayong gabi ay may kasamang nakasulat na liham na isinumite ng executive director na si Johnson. Hinihiling namin na isama rin ang mga komentong ito sa pag-uulat ng pagpupulong na ito.
- OCRA: Nagkaroon ako ng pribilehiyong maglingkod sa mga kliyente ng panrehiyong sentro sa buong estado at pinaglingkuran ko ang mga kliyente ng Inland Regional Center sa loob ng nakalipas na anim na buwan. Sa maikling panahon na naging CRA ako para sa IRC, naobserbahan ko ang maraming kasong madalas naming buksan na nauukol sa paksa ng mga serbisyo ng panrehiyong sentro. Nakikita namin ang mga pamilyang patuloy na pinagkakaitan ng pagiging kwalipikado sa panrehiyong sentro, mga pamilyang walang anumang serbisyo mula sa panrehiyong sentro, pati na rin mga pamilyang pinagkakaitan ng mga serbisyo. Kapag pinapayuhan ko ang mga kliyente tungkol sa kanilang karapatang makatanggap ng abiso ng pagkilos pagkatapos mapagkaitan ng serbisyo, kadalasang hindi nila alam ang karapatang iyon at sinabihan nila akong hindi sila binigyan ng panrehiyong sentro ng nakasulat na abiso ng pagkilos na iyon. Lubos kaming nag-aalala hindi lang sa mga taong hindi nakakatanggap ng mga serbisyo pero pati na rin sa mga taong hindi nagagamit ang lahat ng kanilang awtorisadong serbisyo. Kapag nalaman ng panrehiyong sentro na hindi lubos na nagagamit ng isang pamilya ang mga serbisyo, dapat nakikipag-ugnayan sila sa mga pamilya nang maagap at nasa tamang oras upang matukoy kung ano ang mga balakid Bagama't maaaring nauugnay sa COVID 19 ang ilan sa hindi lubos na paggamit, matagal nang nangyayari ang mga pagkakaiba-ibang ito sa paggamit bago pa man ang pandemya. Kapag nakikipag-usap ako sa ating kliyenteng komunidad tungkol sa data na ito, madalas kong ipinapahayag na bagama't mga numero ang tinitingnan natin, kumakatawan ito sa mga karanasan ng mga tunay na tao at mga karanasan ng mga pamilyang apektado ng panrehiyong sentro at ng mga desisyon nito at ng kawalan nito. Ang mga taong talagang nangangailangan ng mga ito ay ang mga taong

nangangailangan ng mga serbisyo. Ibinahagi sa akin ng mga tao kung gaano sila nadismaya noong nalaman nila ang mga pagkakaiba-iba sa data, at madalas nitong pinapatunayan ang kanilang mga karanasan na alam nilang nararanasan nila sa panrehiyong sentro. Mas marami pa ang dapat gawin para matugunan ang mga pagkakaiba-iba. Gusto ko ring magkomento tungkol sa kung paano isinagawa ang pagpupulong na ito. Bagama't sa palagay ko ay napakabuti na maagang ginawang available ng panrehiyong sentro ang presentasyong ito at talagang isinapubliko nila ito sa social media at iba pang platform kabilang sa kanilang website, sa palagay ko ay dapat ipinresenta ang presentasyong ito nang live para bigyang-daan ang mga dumalo na magtanong sa kabuuan ng presentasyon sa halip na gamitin ang naka-record na presentasyon para sa ganitong sitwasyon. Nasasabik akong mabasa ng Inland Regional Center ang mga komento mula sa aming tanggapan at hinihikayat namin silang palawakin ang kanilang pakikipag-usap sa mga taong pinaglilingkuran nila buong taon at ipatupad ang kanilang feedback para matugunan ang mga pagkakaiba-iba sa POS at rate ng hindi lubos na paggamit at tulungan ang mga kliyenteng walang POS na makuha ang mga kinakailangang serbisyo mula panrehiyong sentro. Salamat.

- Liham ng komento mula sa OCRA: Nagbibigay ang Tanggapan ng Pagtataguyod ng Mga Karapatan ng Mga Kliyente (OCRA) ng programa ng pagtataguyod ng mga karapatan ng mga kliyente sa mga taong may mga kapansanan sa pag-iisip at developmental na kapansanan alinsunod sa isang kontrata sa Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo (DDS). Ang mga taong may mga developmental na kapansanan ay may karapatan sa mga serbisyo at suporta ng panrehiyong sentro na nakakatugon sa kanilang mga pangangailangan. Data ng Taon ng Pananalapi 2020-2021 Inilalarawan ng ulat ng Data ng Pagkakaiba-iba ng Pagbili ng Serbisyo ng Inland Regional Center sa Taon ng Pananalapi 2020-2021 (nakalista bilang “Taon ng pananalapi 2021- 2022”) ang mga numero ng awtorisasyon, paggamit, at paggastos ng pagbili ng serbisyo (POS) at binibigyang-diin nito ang mga pagkakaiba-iba sa kung paano pinaglilingkuran ng Inland Regional Center (IRC) ang mga tao batay sa lahi/etnisidad, wika, edad, at kapansanan, bukod sa iba pang kategorya. Layunin ng liham na ito na bigyang-diin ang mga pagkakaiba-iba, magkomento sa mga pangako ng IRC at sa proseso ng pampublikong stakeholder, at magbahagi ng mga karanasang binanggit ng mga apektadong miyembro ng komunidad—na nakakaalam ng mga kuwento sa likod ng data. Binibigyang-diin ng data ng POS ng IRC sa 2020-2021 na talagang hindi lubos na nagagamit ang mga serbisyo, at di-hamak na mas maliit na pondo ang natatanggap ng ilang grupo ng lahi/etnisidad para sa mga serbisyo per capita kaysa sa iba pang grupo. Ang mga “white” na consumer ang gumagamit ng 69.2 porsyento ng mga awtorisadong serbisyo, habang ang mga consumer na “Iba Pang Etnisidad/Maraming Kultura” at “Asian” na consumer ang gumagamit ng 59.7% at 64.2% ayon sa pagkakabanggit. (Pahina 36). Ang mga “white” na consumer ang tumatanggap ng pinakamaraming per capita na awtorisadong serbisyo sa average na
$33,894, tumatanggap ang mga consumer na “Iba Pang Etnisidad/Lahi/Maraming Kultura” ng $7,173, tumatanggap ang mga “Hispanic” na consumer ng $17,541, at karaniwang tumatanggap ang mga “Native Hawaiian/Iba Pang Pacific Islander” na consumer ng $17,821. (Pahina 36). Bagama't nadagdagan ang mga per capita na awtorisadong serbisyo ng mga “American Indian/Native Alaskan” na consumer ng humigit-kumulang $8,000 ($31,707 sa kabuuan), kapansin-pansing bumaba ang paggamit sa 68.4% mula sa 84.2% noong nakalipas na taon. (Pahina 36). Ang mga consumer na nagsasalita ng English ang mga pangunahing tumatanggap ng mga

serbisyo ng RC, at karaniwan silang binibigyan ng $19,711 kada consumer, at karaniwang nilang ginagamit ang $13,319 nito. (Pahina 43). Ang mga consumer na nagsasalita ng Spanish ang pangalawang pinakamalaking grupo ng wika na tumatanggap ng mga serbisyo ng RC. Gayunpaman, karaniwan silang tumatanggap ng $15,819 sa mga awtorisadong serbisyo at karaniwan silang gumagamit ng $10,873. (Pahina 43). Ang mga consumer na nagsasalita ng Vietamese ang pangatlong pinakamalaking grupo ng wika na tumatanggap ng mga serbisyo ng RC. Karaniwan silang tumatanggap ng $16,350 sa mga awtorisadong serbisyo at karaniwan silang gumagamit ng $10,183. Hindi dapat masyadong malaki ang pagkakaiba-iba sa pagkakaloob ng mga serbisyo ng panrehiyong sentro dahil sa mga salik tulad ng lahi o wika. Dapat ay nakabatay lang ang pagkakaloob ng serbisyo sa indibidwal na pangangailangan ng bawat consumer sa panrehiyong sentro. Ipinapakita rin ng data sa 2020-2021 na talagang hindi lubos na nagagamit ang mga awtorisadong serbisyo sa lahat ng grupo ng lahi at etnisidad. Maaaring pinalala ng COVID-19 ang rate ng hindi lubos na paggamit; gayunpaman, hindi ito ang pinag-ugatang dahilan. Inaatasan ang mga panrehiyong sentro na magkaloob ng mga serbisyo sa paraang naaangkop sa kultura at wika. Welf. at Inst. Code section 4629 (c)(1)(A)(iii). Sa katunayan, pinaigting ng DDS ang kinakailangang ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng "pinahusay na inisyatiba sa access sa wika at kakayahan sa kultura para sa mga indibidwal na may mga developmental na kapansanan, kanilang mga tagapangalaga, at mga miyembro ng kanilang pamilya" sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga panrehiyong sentro na ipatupad ang inisyatiba sa pamamagitan ng mga kontrata nito. Welf. at Inst. Code section 4620.4 (b). Inirerekomenda namin na magsagawa ang panrehiyong sentro ng mga focus group sa mga consumer at kanilang mga pamilya para itanong ang kanilang mga pangangailangan sa kultura at wika kaugnay ng mga serbisyo at suporta sa pamamagitan ng mga panrehiyong sentro. Dapat ay samantalahin ng IRC ang mga pagbabago sa patakarang nauugnay sa COVID-19 na awtorisado ng DDS na nagpapaluwag sa mahihigpit na proseso ng pagkakaloob ng serbisyo. (Tingnan ang Mga Direktiba ng DDS sa Panrehiyong Sentro.) Taunang Ulat tungkol sa Mga Pagpupulong ng Stakeholder Gaya ng isinaad sa ulat ng Plano ng Pagtiyak sa Dibersidad/Pagkakaiba-iba sa DDS na may petsang Abril 21, 2021, bahagi ng mga estratehiya ng IRC para sa plano sa pagpapatupad ng access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo ang patuloy na pagtuon ng Espesyalista sa Kultura ng IRC sa mga populasyong hindi sapat ang natatanggap na serbisyo tulad ng "Hispanic," "nagsasalita ng Spanish," at mga consumer na pangunahing na-diagnose na may Autism. Mayroon ding ugnayan sa pagkakaiba-iba ang IRC sa kanilang virtual platform, na nagsasagawa ng pagpupulong kada quarter na "Lahat ng Bagay Tungkol sa Pagkakaiba-iba," nagpapanatili ng newletter ng komunidad at nakikipagtulungan sa mga grupo sa komunidad. (Pahina 13-20). Hinihiling namin na sa ulat ng DDS ng IRC na nakatakda bago ang Agosto 31, 2022, bibigyang-diin ng IRC kung nakumpleto ang mga estratehiya gaya ng inilarawan sa kabuuan ng taon ng pag-uulat, at kung paano nagkaroon ng positibong epekto/impluwensya ang mga hakbang na iyon sa data. Halimbawa, naganap ba ang mga pagpupulong na "Lahat ng Bagay Tungkol sa Pagkakaiba-iba" kada quarter, ano ang mga petsa at oras, at nagkaroon ba ng makabuluhang pagdalo at paglahok? Hindi alam ng aming tanggapan ang tungkol sa pagpupulong kada quarter, kaya inirerekomenda namin sa IRC na ipaliwanag din ang kanilang mga gawi sa pakikipag-usap para sa mga pagpupulong at tiyaking nasasabihan at pinapaalalahanan ang mga conumser ng IRC at ang kanilang mga

pamilya tungkol sa mga pagpupulong buong taon.
Mga Pampublikong Pagpupulong Sa loob ng tatlong buwan mula nang na-post ang pinagsama-samang data ng POS sa website ng IRC, dapat ay anyayahan ng IRC ang mga stakeholder sa isa o higit pang pampublikong pagpupulong tungkol sa data. Dapat ay ganapin ang pagpupulong sa paraang naaangkop sa kultura at wika at sa mga oras at lokasyong idinisenyo para marami ang dumalo mula sa publiko at mga komunidad na hindi sapat ang natatanggap na serbisyo. Dapat ding abisuhan ng IRC ang mga stakeholder nang hindi bababa sa 30 araw bago ang pagpupulong at dapat nila itong i-post sa kanilang website sa internet. Bagama't hindi kami nakatanggap ng abiso mula sa inyo, salamat sa pagsagot sa aming tanong tungkol sa iskedyul ng pagpupulong sa pamamagitan ng email noong Pebrero 2, 2022, tungkol sa mga pagpupulong ng stakeholder at pagbabahagi ng mga pagsisikap sa pakikipag-usap. Binabati din namin ang IRC para sa napapanahong pag-post ng event sa kanilang website sa isang nakikitang lokasyon sa homepage ng website. Dapat ding ilista ang mga pagpupulong na ito sa IRC sa kalendaryo ng mga event. Nagagalak kaming malaman na magsasagawa ang IRC ng pagpupulong alinsunod sa Welf. at Inst. Code section 4519.5. Hinihikayat din namin ang IRC na magsagawa ng pagpupulong sa pangatlong pinakasinasalitang wika, ang Vietnamese. Inirerekomenda rin naming magdagdag sa flyer ng imbitasyon ng katagang tulad ng, “Para sa mga tanong tungkol sa accessibility o interpretasyon, makipag-ugnayan sa [impormasyon sa pakikipag-ugnayan].” Binabati din namin ang IRC para sa kanilang mahusay na pakikipag-ugnayan sa social media para sa mga pagpupulong na ito at sa paggawang available ng presentasyon bago ang mga pagpupulong para mas makapaghanda nang maigi ang mga dumalo na ibahagi ang kanilang feedback. Bagama't lubos na nakakapag-alala ang mga pagakakaiba-ibang binigyang-diin sa data, mas nakakabahala ang mga kuwento at karanasang pinagbabatayan ng data. Ibinahagi ng isang pamilya ng isang consumer ng IRC na humiling sila ng apat na magkakaibang pagsasanay sa kasanayan para sa kanilang mahal sa buhay at tinanggihan sila ng CSC ng consumer nang walang NOA. Tinanong ko rin kung pamilyar sila sa mga pagpupulong na “Lahat ng Bagay Tungkol sa Pagkakaiba-iba” kada quarter, at hindi sila pamilyar dito. May ibang consumer ng IRC na lumipat kamakailan sa catchment area ng Inland Regional Center, at ipinaalam sa kanya na ang mga serbisyong awtorisado ng isang dating panrehiyong sentro ay hindi maibibigay dahil hindi available ang mga ito sa lugar na tinitirhan ng consumer. Binigyan siya ng pangangalaga para sa pagpapahinga bilang kapalit ng mga serbisyong hindi na niya matatanggap habang nakatira sa isang komunidad na hindi sapat ang natatanggap na serbisyo. Inaprubahan ang pangatlong consumer sa ilalim ng Self Determination Program (SDP). Hindi nasimulan ng consumer ang mga serbisyo pagkatapos ng unang petsa ng pagsisimula ng SDP dahil paulit-ulit na ipinagpaliban ng panrehiyong sentro ang petsa ng pagsisimula. Sa ngayon, mahigit walong buwan nang hindi nakakatanggap ang consumer ng mga sapat na serbisyo. Ilang halimbawa lang ang mga ito ng mga karanasang pinagbatayan ng data. Hindi lang dapat tiyakin ng mga panrehiyong sentro na aktibong ibinibigay ng mga vendor ang mga awtorisadong serbisyo, pero dapat de-kalidad at maagap ding ibinibigay ang mga serbisyo. Dapat ay aktibong kumilos ang IRC para matugunan ang mga pagkakaiba-iba sa pagbibigay ng mga serbisyo. Hindi lang responsable ang IRC sa pagpapahintulot ng mga serbisyo, pero dapat nagsisikap din ito nang husto para matiyak na nagagamit ang mga serbisyo sa pamamagitan ng pangungumusta sa mga pamilya buong taon at maagap na pagtugon sa anumang maaaring maging balakid. Dapat ay patuloy na isagawa ng IRC ang mga taunang

pagpupulong nito sa POS sa maraming wika, at dapat ay mag-alok ang IRC ng iba't ibang oras para matiyak na marami ang lalahok at makukuhang feedback. Inaasahan naming isasaalang-alang ninyo ang aming komento at ipapatupad ninyo ang aming mga rekomendasyon para mapahusay ang data at mga karanasan ng mga consumer at ng kanilang mga pamilya sa sistema ng panrehiyong sentro. Kung gusto ninyong makipagpulong para talakayin ang mga alalahaning binanggit namin sa liham na ito, makipag-ugnayan sa aming tanggapan.

- Ina ako ng isang kliyente ng IRC. May ilang tanong ako tungkol sa mga partnership. Paano kayo nagtatrabaho sa partnership? Ito ba ay para magbigay ng mga serbisyo? Ito ba ay para magbigay ng suporta? Para sa mga grupo ng suporta sa magulang, maaari ba naming tingnan ang website ng IRC?
- Sinusubukan kong maunawaan. Narinig kong mayroon tayong ilang nagtataguyod na kalahok dito na may mahalagang data tungkol sa ating komunidad at sigurado akong mayroon din silang data mula sa ating komunidad at may mga kasanayan sila sa kung paano tugunan ang kanilang mga pangangailangan at kung paano ibabalangkas ang mga pangangailangan nila. Gusto ko lang malaman kung nakuha o nagamit nila ang mga serbisyo sa pamamagitan ng panrehiyong sentro. Dahil ang isa sa mga isyung mayroon tayo sa komunidad ay hindi natin alam kung paano ipresenta ang pangangailangan, hindi natin alam kung paano panatilihin ang pangangailan, o kung paano sabihin ang pangangailangan. Maraming dahilan para diyan, pero naisip ko lang na gamitin natin ang kanilang data at mag-isip tayo ng solusyon batay sa kung ano ang mayroon sila dahil natalakay na nila ang isa sa mga problema at kahit papaano, nauunawaan ko ang problemang iyon, ang ating komunidad, at ang ating antas, at kung minsan ay hindi natin alam kung paano ito gagawin, pero alam nila, kaya siguro ay tingnan natin ang kanilang data at alamin natin kung ano ang mali at kung ano ang kulang sa atin. Salamat.
- Mayroon akong 37 taong gulang na anak na may Down’s Syndrome. Lumipat kami noong nakaraang taon, napagod kami sa Bakersfield kaya kinailangan naming lumipat, at inabot sila nang hanggang Setyembre bago mailipat ang aming kaso sa County ng San Bernardino. Nagulat kami na walang kahit ano sa Needles, California. Mula nang nakarating ako rito, isang taon ko nang sinusubukang makipag-ugnayan sa mga tao para makakuha ng mga serbisyo. Bumigat nang 40 pounds ang anak ko. Nasa day program siya noon sa pamamagitan ng mentor chateau. Bumuo sila ng programa noong 22 taong gulang siya para sa isang day program sa isang adult daycare center kung saan napakaraming kliyente ang naging kliyente ng panrehiyong sentro. Nagulat ako na walang ganoon dito sa Needles. Kinausap ko ang pangangalagang pangkalusugan sa bahay, at sinusubukan nilang bumuo ng isang uri ng programa pero sa ngayon, walang serbisyong available dito. Nagbibigay ang chateau ng speech therapy isang beses kada linggo, mga social outing, shopping, mga aktibidad sa silid-aralan, pamamahala ng pera, mga kasanayan sa pagtulong sa sarili, workout room, at sayawan isang beses kada linggo o buwan sa programa. Habang naghahanap ng anumang uri ng programa, sinabihan ako ng tagpag-ugnay ng serbisyo na walang available na kahit anong programa, kaya binitawan ko ang kasong ito at nagpatala ako para sa pagpapahinga para lang manatili sa sistema dahil ayaw kong maalis sa sistema. Layunin kong bumalik sa County ng Kern dahil wala ring pangangalagang pangkalusugan dito. Kailangang i-refer ang mga doktor at anupaman sa San Bernardino o Apple Valley na aabutin nang 2–3 oras ang biyahe, kaya 6 na oras na round trip o 4 na oras na round trip iyon para magpatingin sa doktor. Naghahanap ako ng anumang uri ng serbsiyo na magiging

available dito para sa kanya. Anumang uri ng provider o iba pa. Sana ay magawa natin iyon, sana ay may makipag-ugnayan. Kinausap ko si Vince, ang may-ari, bago ang pagpupulong ngayon dahil malapit na ang pagpupulong nang sabihan ako tungkol dito. Sinabi niyang lubos siyang interesado sa pagbuo ng isang programa. Sinusubukan niya. Dito sa Needles, ang alalahanin nila ay ang mga tindahan ng marijuana. Sa kanilang agenda ngayon, sinusubukan nilang ilipat ang sinehan sa isang adult daycare at hindi pa nila nakukuha ang mga permit, kaya sana ay may mangyayari dito, pero umaasa akong makikibahagi ang Needles center nang sa gayon ay makahanap ang mga magulang tulad ko ng mga serbisyo para sa amin ng anak ko.

2/17/2022 Mungkahi mula sa live na Virtual na Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa Spanish:

- Kulang ng mga vendor sa Coachella Valley.
- Gusto naming isama sa Social Recreation ang pagbabayad para sa mga klase tulad ng sining, at isang assistant na sasama sa kliyente.
- Ano ang plano para ibalik ang mga serbisyong itinigil o ipinagpaliban noong pandemya?
- Salamat, Victor, at salamat sa pakikipagtulungan.
- Salamat, Lilliana, sa lahat ng ginawa para patuloy na suportahan kami at ang proyekto. Talagang nasasabik kaming makipagtulungan at paglingkuran ang mga pamilya ng IRC. Salamat sa inyo ng team mo!
- Salamat, mahusay na impormasyon.
- Ipinakilala ni Victor mula sa Familias First ang proyekto sa SAE na CLAP.
- Ipinakilala ni Clara mula sa ASIE ang Komunidad ng Kagawian na proyekto sa SAE ng C.L.A.S.E.
- Paano makakapag-ambag ang mga magulang ng isang consumer sa IRC sa pagbabawas ng mga balakid at ano ang magagawa namin para mabawasan ang mga pagkakaiba-iba. Nakikita ko rito na sa lugar kung saan nakatira ang consumer ko, lubos kaming nahihirapan sa paghahanap ng mga ahensyang nagbibigay ng mga serbisyo. Ito ang malaking hamon na nakikita namin, at gusto naming makipagtulungan. Ang tanong ko, ano ang magagawa natin para palaguin ang mga ahensya dito para magkaroon ng mga tauhan na kinakailangan para makapagbigay ng mga serbisyo dito para sa mga consumer? Nakatira ako sa Cathedral City.
- May dalawa akong komento. Isinasaad ng mga pinuno ng CLASE at ng aming survey na gusto ng aming mga pamilya na bayaran ng IRC ang mga panlibangang pagkakataon tulad ng mga klase sa sining, musika, at sports, at magbigay din ng assistant na tutulong sa mga klaseng ito. Nauunawaan kong hindi ito masasagot sa pagkakataong ito, pero isa itong suhestyong gusto naming ipaalam at bigyang-diin at para maisulat ito. Ang pangalawang komento ko ay katulad ng nabanggit kanina, na may problema sa mga provider, at walang provider o kulang ang mga provider. Alam nating may problema sa paggamit ng mga serbsiyo, at kinikilala natin ng lubos na naapektuhan ng COVID ang paggamit ng mga serbisyo. Kaya, ano ang plano para pagandahin ang kapasidad ng mga serbisyo habang bumabalik tayo sa dati. Alam nating kulang ang mga vendor at kulang din ang mga vendor na nagsasalita ng Spanish o iba pang wika. Alam nating may mga hamon sa lugar tulad ng Coachella Valley o Blythe. Mayroon na bang kasalukuyang plano para matukoy ang mga pangangailangan at magpadala ng RFP para matugunan iyon?

- Nauugnay rin ang komento ko sa social recreation. Ipinaalam sa mga magulang na available ang social recreation pero kapag tinanong namin ang panrehiyong sentro, sinasabi nilang hindi nila alam kung ano sinasabi namin, na wala pang ipinapatupad na patakaran na magagamit sa mga serbisyo sa social recreation. Dahil ginawang available ang impormasyong ito sa mga magulang, gusto naming maging mas malinaw at aktibo ang komunikasyon sa pagitan ng mga tauhan ng panrehiyong sentro dahil kapag nagtatanong kami, kailangan namin ng mga sagot at hindi kami nakakakuha ng mga sagot. Nakakakuha nga kami ng mga sagot, pero ang mga sagot ay para lang paalisin kami, dahil kung wala pa ngang nagagawa, mahalaga sa aming malaman kung paano namin ididirekta ang mga sarili namin sa mga serbisyong iyon at hindi kami dapat basta na lang sagutin para mapaalis lang.
- Bumubuo ba ang panrehiyong sentro ng plano para sa kinabukasan para mabawasan ang bilang ng mga consumer na mayroon ang bawat tagapag-ugnay? Dahil nakikita ko sa ulat na mayroon silang 60-90 tao at hindi ako sigurado kung tama ito, pero sa tingin ko ay sobra ito para sa bawat tagapag-ugnay ng serbisyo. Maaaring maging dahilan ito para hindi sila maging masyadong epektibo sa kanilang trabaho. Ito ang opinyon ko at hindi ako sigurado kung tama ako, pero gusto kong malaman kung isinasaalang-alang sa hinaharap na bawasan ang mga consumer para sa bawat tagapag-ugnay ng serbisyo. Ito ang tanong ko, at ang isa pa ay tungkol sa pagsasanay. Gaano karaming pagsasanay ang natatanggap ng mga tagapag-ugnay ng serbisyo dahil napansin ko na kapag may tinatanong kami sa isang tagapag-ugnay ng serbisyo, sinasabi niyang hindi niya alam? At kapag inaanyayahan namin siya sa isang IEP, marami siyang bagay na hindi alam. Sinasanay ba ninyo ang mga tagapag-ugnay ng serbisyo dahil may mga pagkakataon na hindi nila alam ang ilang partikular na impormasyon at kailangan naming sabihin sa kanila kung ano ang tinutukoy namin dahil hindi nila alam ang impormasyon?
- Ang komento ko ay sa paglipas ng mga taon ng pakikipag-ugnayan sa maraming ina at maraming pamilya, alam kong maraming Hispanic na pamilya ang nagkomento na mas gusto nilang panatilihin ang kanilang mga mahal sa buhay na may mga kapansanan sa bahay dahil sa palagay nila ay hindi naaangkop para sa mga pangangailangan ng kanilang mga anak ang programang iniaalok ng panrehiyong sentro, halimbawa na rito ang mga day program. Halimbawa, nauunawaan ko na dapat integrated ang mga day program, pero gusto ng maraming pamilya ng mga aktibidad na interesante sa consumer, na kapaki-pakinabang. Ang ilang aktibidad na iniaalok tulad ng pagpunta sa parke kahit mahigit 100 degrees ang temperatura dito o kaya naman, sa mga araw na pumupunta sila sa shopping center, ang paglalakad-lakad at pagkakalantad sa napakaraming stimulation ay maaaring hindi makabuluhan o kapaki-pakinabang ang ganitong aktibidad para sa mga kliyente naming may Autism o mga kapansanang nauugnay sa pandama. Kung mayroon sanang paraan para mangalap ang mga provider ng serbisyo ng impormasyon tulad kung ano ang mga interes at mga pangangailangan ng mga pamilya, magagawa nila ang kanilang mga programa gamit din ang impormasyong iyon. Salamat.

Mungkahi mula sa mga survey sa POS:

- Gumawa ng mga proyekto para bawasan ang pagkakaiba-iba at itaguyod ang mas magandang sahod para sa mga de-kalidad na provider ng serbisyo.
- Inirerekomenda ko ang mga programa ng sining at mga kasanayan sa pakikipagkapwa.

- Ayaw pondohan ng IRC ang mga serbisyo at hinihikayat nila ang mga family of color, kabilang ang sa akin, na maghain para sa patas na pagdinig.
- Mas marami pang pakikipag-usap tungkol sa mga serbisyo sa mga family of color. Pahintulutan ang mga kwalipikadong serbisyo sa mga consumer of color sa paraang kasing bilis at kasing dali ng pagpapahintulot nito sa mga white na consumer. Sa halip na hikayatin ang mga family of color na maghain para sa patas na pagdinig, subukang makipagtulungan sa mga pamilyang ito sa parehong antas ng paninindigan na ibinibigay sa mga white na pamilya.
- Pagsasanay sa pagiging sensitibo sa kultura para sa lahat ng tauhan ng IRC. Mga resource para sa walang pinapanigang patas na pagdinig para tulungan ang mga family of color at hindi nagsasalita ng English.
- Umaasa kaming magkakaroon ng higit pang panlipunang programa para sa lahat ng consumer.
- Magpatuloy sa Pakikipag-usap sa mga komunidad na hindi sapat ang natatanggap na serbisyo.
- Pagdaragdag ng pondo sa mga Day Program kapag naging available na ulit ang mga ito.
- Hindi masyadong nakakaengganyo ang mga sahod na iniaalok ng IRC sa lugar na ito para makakuha ng higit pang tao na makikipagtulungan sa IRC.
- Magpatuloy sa pagsisikap sa pamamagitan ng pagbibigay ng higit pang pagsasanay sa mga tauhan gamit ang tool ng Kasanayan sa Kultura.
- Magpatuloy sa pagtuon sa Social Recreation.
- Alamin pa ang mga pangangailangan ng mga Hispanic na pamilya na hindi alam ang mga serbisyong mapapakinabangan ng mga anak nila. Sanayin nang mas mahusay ang mga tagapag-ugnay para mas masuportahan nila ang mga pamilyang nahihirapang ipaalam ang kanilang mga pangangailangan.
- Inirerekomenda ko ang mga naaangkop at de-kalidad na panlibangang serbisyo at programa para sa mga adult na nagbibigay sa kanila ng higit pang pagkakataong mag-develop.
- Kailangan ng mga serbisyo para sa mga kasanayan sa independent recreation at social recreation.

Karagdagang data mula sa mga survey sa POS na natanggap mula sa mga Stakeholder:






Ikaw ba o ang anak mo ay kasalukuyang nakakatanggap ng serbisyong pinopondohan ng IRC?
6
5
4
3
2
1
0
Mayroon
Wala
Blangko
N/A

Kung wala kang serbisyo, pakipaliwanag kung bakit.
8
7
6
5
4
3
2
1
0
Natutugunan ang mga pangangailangan
N/A


Kung hindi ka tumanggap ng mga serbisyo noong pandemya, sisimulan mo ba ulit tumanggap ng mga serbisyo sa 2022?
5
4
3
2
1
0
Hindi
Oo
Blangko


Nakita mo na ba ang page ng SAE sa website ng IRC?
6
5
4
3
2
1
0
Oo
Hindi

Alam mo ba ang tungkol sa mga CBO ng IRC?
6
5
4
3
2
1
0
Oo
Hindi

Gusto mo bang makipag-ugnayan sa iyo ang Espesyalista sa Kultura?
4.5
4
3.5
3
2.5
2
1.5
1
0.5
0
Oo
Hindi



Pagkatapos suriin ang data, aling partikular na bahagi ng data ang pinakamahalaga sa iyo?	• Pagbabawas ng mga balakid sa mga serbisyo • Mga pagkakaiba-iba at median rate • Ang pagkakaiba-iba ng mga serbisyong natatanggap ng people of color. • Mahalaga sa akin ang data ng mga African American at Autism. • Umaasa kaming magkakaroon ng higit pang panlipunang programa para sa lahat ng consumer. • Pinakanapansin ko ang data tungkol sa Mga May Kapansanan sa Pag-iisip. • Ang mga sahod na iniaalok ng IRC sa lugar na ito. Hindi
Kung pinagkalooban ka ng mga serbisyo ng IRC, pero hindi mo ginamit ang mga ito, ano ang pangunahing dahilan ng hindi mo paggamit ng mga serbisyo mo?	• Pandemya • N/A • Ayaw pondohan ng IRC ang mga serbisyo at hinihikayat nila ang mga family of color, kabilang ang sa akin, na maghain para sa patas na pagdinig. • Pandemya • Kasama ko ang pamilya ko sa bahay at hindi ko kinailangan ng anumang serbisyo. • Nasa SDP ako • N/A
Ilarawan dito ang pangangailangan/serbisyo ng hindi natugunan.	• N/A • Personal na Assistant • Social Recreation • N/A • N/A • N/A

	• N/A • Mga serbisyo para sa mga kasanayan sa independent recreation at social recreation

Mga Estratehiya para sa Pagpapatupad ng Plano sa Pagtiyak ng Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo

Espesyalista sa Kultura (Cultural Specialist o CS)
Ginawa ng Espesyalista sa Kultura ang mga sumusunod:

- patuloy na pinagtuunan ang mga populasyong hindi sapat ang natatanggap na serbisyo na natukoy sa Data ng Pagkakaiba-iba ng POS: mga kliyenteng nagsasalita ng Spanish, Hispanic na kliyente, Black/African American na kliyente, at mga kliyenteng may pangunahing diagnosis na Autism.
- patuloy na nagkaroon ng malaking papel sa proseso ng Data ng Pagkakaiba-iba ng IRC, pinangasiwaan ang mga virtual na pagpupulong para sa mungkahi ng komunidad sa Data ng POS kung saan ipinresenta ang mga napag-alaman sa data sa English at Spanish.
- patuloy na pinatibay ang mga ugnayan sa mga unit para sa Pamamahala ng Kaso ng IRC para makatulong na tukuyin ang mga trend sa POS mula sa pananaw ng pamamahala ng kaso at dumalo sa Mga Pagpupulong ng Lupon ng IRC at pagpupulong ng VAC para manatiling up to date sa mga pagbabago at mahahalagang talakayan.
- patuloy na pinanatili at pinalago ang dalawang intra-agency na grupong nagpupulong kada buwan, ang CBO Collaborative at Disparity Link.
- patuloy na nagsilbing liaison para sa mga CBO na tumanggap ng grant sa SAE mula sa DDS.
- lumahok sa mga pagpupulong ng Grupo ng Espesyalista sa Kultura ng ARCA na nagaganap dalawang beses kada buwan.
- nagsilbing Tagapangulo ng Grupo ng Espesyalista sa Kultura ng ARCA para sa 2021/2022
- patuloy na naging bahagi ng Team para sa Grassroots Day na lumahok sa Virtual na Grassroots Day noong 2021
- sinimulan ang Proyekto mula sa Grant sa SAE na Kakayahan sa Kultura – Isang Tool para sa Pagkakapantay-pantay at isinumite ang mga kinakailangang ulat sa pinansya at performance kada quarter sa DDS sa pamamagitan ng Grant Vantage software
- nagsimulang ibigay ang pagsasanay sa SAE para sa mga bagong tauhan ng IRC sa isang live lab platform
- dumalo sa mga buwanang pagpupulong ng Espesyalista sa Kultura at DDS
- dumalo sa mga sama-samang pagpupulong ng mga Espesyalista sa Kultura, DDS, at CBO

Mga Koneksyon sa Komunidad ng Espesyalista sa Kultura

- Virtudes Especiales, isang virtual na grupo ng suporta sa magulang sa Spanish na nakikipagtulungan sa Disability Rights California (DRC). Noong 2021, nagbigay ng iba't ibang pagsasanay kada buwan sa Zoom.

Enero 19, 2021	IRC 101	Ruth Armstead – IRC
Pebrero 23, 2021	Pag-transition	Anthony Duenez, PM - IRC

Marso 16, 2021	Paano Itaguyod ang iyong Anak sa IPP	Ruth Armstead – IRC
Abril 20, 2021	Mga Opsyon at Proseso sa Pagtatrabaho at Serbisyo sa	Beth at Andrew – IRC

Mayo 18, 2021	Paano Kausapin ang Iyong Anak tungkol sa	Ruth Armstead - IRC
Hunyo 22, 2021	IHSS	DRC
Hulyo 20, 2021	Mga Alternatibo sa Conservatorship	DRC
Agosto 24, 2021	SSI	Laura Miller
Setyembre 21, 2021	Cal Able	DRC
Oktubre 19, 2021	Departamento ng Rehabilitasyon	DRC

- Tag-init ng 2021, mga backpack para sa pagbabalik sa paaralan para sa lungsod ng Running Springs at grupo ng suporta sa magulang sa buong county ng Riverside at San Bernardino.
- Tuloy-tuloy na ugnayan sa pamamagitan ng tawag sa telepono, email, at virtual na pagpupulong kasama ng mga pinuno ng grupo ng suporta sa magulang sa pamamagitan ng platform ng C.L.A.S.E., at mga referral na nagresulta mula sa mga ugnayang ito sa mga magulang/tagapangalaga na naghahanap ng mga sagot at suporta sa, pero hindi limitado sa, proseso at pamantayan sa pagiging kwalipikado, mga balakid sa komunikasyon sa kanilang mga CSC, at gabay sa pagtataguyod sa POS.
- Dumalo sa Town Hall ng Coachella Valley c/o ASIE noong Setyembre 20, 2021

Dinaluhan ng Espesyalista sa Kultura ang mga sumusunod na pagsasanay noong 2020/2021:

- Buwanang pagpupulong sa IEDC kasama ang iba't ibang tagapagsalita
- Implicit bias at ang epekto nito sa Pakikilahok ng Tatay
- Mga Gawing Nakasentro sa Tao at Mga Pagsasaalang-alang sa Kultura
- Pamumuno nang may Katatawanan 101 - Mamuno nang may Tawanan
- Real Talk Autism Edition: Mga Resource at Suporta para sa Mga Pamilya
- Ipinresenta ang “Paano Manatiling Updated at Konektado sa Panahon ng Pandemya” sa tatlong grupo ng suporta sa magulang
- Mga session ng CLASE – dalawang beses kada buwan na may mga pagsasanay mula sa iba't ibang eksperto sa paksa
- Para sa Komunidad para sa May Autism: Workshop ng Pakikipag-ugnayan sa Tagapagpatupad ng Batas
- Kumperensya sa Dibersidad, Pagkakapantay-pantay, at Ingklusyon – tatlong araw
- Mga Diskarte sa Pamamahala sa Pagbabago para UMUNLAD ang Mga Serbisyo para sa May Kapansanan
- Pagbibigay ng Mga Ingklusibong Serbisyo para Maitugma ang Mga Serbisyong Natatanggap ng Mga Komunidad ng LGBTQ+ at May Kapansanan.
- Autism at Adiksyon
- Kinumpleto ang mga pagsasanay na Sanayin ang Tagasanay kasama ang isang consultant para maging facilitator ng Kasanayan sa Kultura para sa mga tauhan at provider ng serbisyo ng IRC.
- CLAP series – apat na workshop, tig-2 oras na session

- Pag-debunk ng Mga Maling Paniniwala Kaugnay ng Ipinag-uutos na Pag-uulat sa California: Ano ang Nangyayari Pagkatapos ng Tawag
- Pagkakapantay-pantay sa Espesyal na Edukasyon
- Kasanayan sa Kultura - anim na oras na pagsasanay
- Children's Network Conference
    - Mag-usap Tayo: Paano Talakayin ang Mahihirap na Paksa sa Iyong Anak at Social-Emotional na Kalusugan at ang Nakakapagpagaling na Kapangyarihan ng Mga Koneksyon at Ugnayan
    - Isang Komprehensibong Pagtingin sa Isang Kaso ng Pisikal na Pang-aabuso sa Bata: isang forensic medical at forensic interview na pagtanaw
    - Kanlungan sa Panahon ng Sakuna: Pagsuporta sa Kabataan sa Pamamagitan ng Pagkakapantay-pantay, Ingklusyon, at Pagiging Kabilang
    - Keynote Address kasama si Katie Albright - Ang mga aral ni Mary Ellen Wilson sa pag-iingat: Pagpapalakas sa Mga Bata, Pamilya, at Komunidad
- Pagtugon sa Stigma sa Kalusugan ng Pag-iisip: Kaalaman at Pamamagitan sa Pagpapakamatay
- Pagsasanay sa Pagsusulat ng Grant ng Espesyalista sa Kultura
- Departamento ng Rehabilitasyon
- Connect IE Webinar 2.1 - Ang Kailangan Mong Malaman!
- Mga Problema sa Paggamit ng Substance: Paggaling at Suporta
- Araw ng Pagbibigay-kakayahan sa Mga Latina
- Pagsasanay sa Ombudsperson ng SDP
- Ano ang Electronic Visit Verification (EVV)?
- Diretsahang Usapan sa Pakikilahok ng Tatay Pagsasanay sa Kaalaman sa Dibersidad at Kultura
- Webinar sa Kaalaman sa Human Trafficking
- Session 1 sa 3 ng PBC: PAGPAPAKUMBABA KAUGNAY NG KULTURA: MGA BOSES NG MGA BLACK AT DD: Ang Ating Kasalukuyang Sitwasyon
- Session 3 sa 3 ng PBC: PAGPAPAKUMBABA KAUGNAY NG KULTURA: MGA BOSES NG MGA BLACK AT DD: Ang Tatahaking Daan

Mga pagsisikap sa Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo sa pakikipagtulungan sa mga CBO

EPU - County ng Riverside (nakumpletong proyekto sa SAE)
Sa taon ng pananalapi 2020/2021, pinaglingkuran ng CBO at Exceptional Parents Unlimited (EPU) ang mga kliyente ng County ng Riverside ng IRC sa pamamagitan ng kanilang programang Pagiging Pamilyar sa Mga Sistema kasama ang Mga Pamilya. Ang proyektong ito na pinondohan ng DDS at naisakatuparan sa pamamagitan ng isang grant sa Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo (SAE), ay ginawa at ibinigay bilang isang modelo ng partner na magulang at tumuon sa mga pamilyang hindi nakatanggap ng mga serbisyong binili ng IRC. Ang mga pangkalahatang layunin ng proyektong ito ay iugnay ang mga Partner na Magulang ng EPU sa mga pamilyang hindi sapat ang natatanggap na serbisyo, tukuyin ang mga hindi nalulutas na pangangailangan, at bigyang-kakayahan sila sa pamamagitan ng edukasyon, mga tool sa pagtataguyod, at mga resource para humiling ng mga kinakailangang serbisyo. Noong Hunyo ng 2021, sa katapusan ng kanilang proyekto, nakapaglingkod ang EPU sa 75 pamilyang ni-refer ng IRC.

ASIE – C.L.A.S.E. (kasalukuyang proyekto sa SAE)
Noong 2021, ipinagpatuloy ng CBO at ASIE ang C.L.A.S.E. (Colaboración, Liderazgo, Abogacía, Servicio y Educación) na isang proyekto ng DDS na pinondohan ng SAE na ang ibig sabihin sa Tagalog ay pakikipagtulungan, pamumuno, pagtataguyod, serbisyo, at edukasyon. Ang proyektong C.L.A.S.E. ay isang Modelo ng Komunidad ng Kagawian na pinagsasama-sama ang mga pinuno ng komunidad, kabilang ang Espesyalista sa Kultura ng IRC, na naglilingkod sa komunidad ng mga may ID/DD na nagsasalita ng Latino/Spanish sa mga county ng Riverside at San Bernardino. Ang ikatlong taon ng C.L.A.S.E. ay matatag na nagpapatuloy sa isang taon ng pag-develop ng curriculum at pagtuturo ng mga malalimang pagsasanay sa pamumuno at pagtataguyod. Nakatuon ang mga pagsasanay sa mahahalagang kasanayan para sa pagtataguyod at pakikipagtulungan habang tinutugunan ang mga pagkakaiba sa kultura at wika sa Hispanic na komunidad ng Inland Empire at mga pinunong naglilingkod sa Hispanic na komunidad ng mga may ID/DD ng Inland Empire. Dagdag pa rito,
Ginagamit ng C.L.A.S.E. ang kanilang pangatlong yugto para ganap itong maging self-sustaining at independent na collaborative. Ang pangkalahatang layunin ng C.L.A.S.E. ay maging 'mga epektibong dahilan ng pagbabago sa mga sistema at mga tagabuwag ng kawalan ng katarungan sa lipunan at hindi pagkakapantay-pantay ng lahi' ang mga kalahok. Ang ikatlong taon ng C.L.A.S.E. ay nagkaroon ng 42 kalahok kung saan karaniwang 30 pinuno ang dumadalo kada pagsasanay. Patuloy na nasasabik ang IRC sa pakikipagtulungan sa Autism Society Inland Empire at sa positibong epekto na patuloy na gagawin ng mga pinuno ng C.L.A.S.E. sa komunidad ng IRC.

CLAP, GANAS, PBC: mga bago/kasalukuyang proyekto sa SAE
Ang aming mga pinakabagong CBO sa mga proyekto sa SAE na pinondohan ng DDS ay ang Familias First at ang kanilang proyektong CLAP, ang Padres con Ganas at ang kanilang proyektong GANAS, at ang Access Non-Profit Center at ang kanilang proyektong PBC. Ang ibig sabihin ng CLAP ay pagbuo ng pamumuno sa mga magulang (creating leadership among parents) at mayroon itong serye ng apat na session na nagbibigay ng kaalaman at kakayahan na iniangkop sa kultura para sa Latino na komunidad ng IRC. Ang ibig sabihin ng GANAS ay Genuine, Animate, Navigate, Assist, Succeed at nagbibigay ito ng mga workshop na nagbibigay ng kaalaman at kakayahan, 1:1 na konsultasyon, at mga grupo ng suporta na gumagamit ng mga alituntunin ng BCBA na iniangkop sa kultura para sa mga Hispanic na tagapangalaga sa Coachella Valley. Ang PBC ay nangangahulugang Pagiging Magulang sa Mga Black na Bata (Parenting Black Children) at nag-aalok ito ng mga workshop na nagbibigay ng kaalaman at kakayahan at grupo ng suporta sa magulang na iniangkop sa kultura ng komunidad ng mga Black/African American ng IRC. Nakikipagtulungan ang IRC sa mga CBO sa pakikikipag-ugnayan at pagbibigay-alam sa mga pamilyang hindi sapat ang natatanggap na serbisyo, na may layuning iugnay ang mga kliyenteng kakaunti o walang natatanggap na POS sa mga serbisyong kailangan nila. Nagbibigay ang mga CBO ng modelo ng natatangi at madalas na serbisyong magulang sa magulang para sa mga pamilya ng IRC. Binibigyan ng kakayahan at kaalaman ng kanilang mga programa ang mga pamilya tungkol sa mga serbisyo ng IRC at mga pangkalahatang serbisyong magagamit sa komunidad. Ipinakita ng mga CBO ang kakayahang sapatan ang kulang na impormasyon at kawalan ng tiwala sa pagitan ng IRC at mga pamilyang pinaglilingkuran nito.

<u>CLAP</u>
Noong Setyembre 2021, ibinigay ang mga workshop ng CLAP na nagbibigay ng kaalaman at

kakayahan sa English at noong Oktubre 2021, ibinigay ang mga ito sa Spanish. Nagkaroon ng 32 kalahok sa kabuuan sa bawat serye na 64 na kalahok sa kabuuan. Ang serye sa 2022 ng mga workshop ng CLAP ay nakaiskedyul sa English sa Pebrero 3, 10, 17, at 24, at sa Spanish sa Marso 3, 10, 17, at 24.

GANAS

Noong 2021, ibinigay ang mga workshop ng GANAS sa English at Spanish at nagkaroon ang mga ito ng 115 kalahok sa kabuuan. Nag-host ang Spanish na grupo ng suporta ng GANAS ng apat na workshop at nagkaroon ang mga ito ng 21 kalahok sa kabuuan. Ang 69 na 1:1 na konsultasyong ibinigay ng team ng GANAS ay nakatulong sa 11 pamilya ng IRC sa kabuuan. Kabilang sa serye ng mga workshop ng GANAS noong 2022 ang iba't ibang paksa na nakalista sa ibaba:

- “Pagdaig sa Mga Balakid sa Komunikasyon” – Spanish
- “Pag-unawa sa IPP ng Iyong Anak”
- “Pag-unawa sa Mga Serbisyo ng IRC”
- “Pag-unawa sa IEP ng Iyong Anak”
- “Pag-unawa sa Iba't ibang Source ng Serbisyo” (Medikal, Paaralan, Komunidad, IRC)
- “Sabihin Ulit, Pakinggan, Ulitin”

PBC

Noong 2021, nagbigay ang proyektong PBC ng maraming workshop na nagbibigay ng kaalaman at kakayahan para sa Black/African American na komunidad ng IRC. Sa 2022, patuloy na magbibigay ang proyektong PBC ng mga session na iniangkop sa kultura at nakaiskedyul itong magbigay ng mga session sa pagpapakumbaba kaugnay ng kultura na may pamagat na, "Pagpapakumbaba kaugnay ng Kultura: Mga Boses ng Mga Black at Mga Developmental na Kapansanan". Sa Pebrero 2022, magho-host ang proyektong PBC ng symposium na may layuning bigyan ng kaalaman ang mga estudyante sa mga larangan ng pag-aaral na nauugnay sa mga panlipunang serbisyo tungkol sa sistema ng panrehiyong sentro, Lanterman Act, at mga developmental na kapansanan.

Iba pang pagsisikap na may kinalaman sa SAE na nauugnay sa Tungkuling Espesyalista sa Kultura:

Grant sa Transportasyon

Sa California, may 21 panrehiyong sentro at ang IRC ang pinakamalaking panrehiyong sentro na may responsibilidad na paglingkuran ang dalawa sa pinakamalaking country sa estado, ang mga County ng San Bernardino at Riverside. Dahil sa napakalaking heograpikong lugar na paglilingkuran, hindi maiiwasan ang mga balakid sa transportasyon para sa mga pamilya. Para pinakamahusay na maisalarawan ang usaping ito, kasama sa catchment area ng IRC ang mga pamilyang nakatira sa mga lungsod sa border malapit sa Arizona at Nevada. Para makatulong na matugunan ang mga balakid sa transportasyon, nag-apply at ginawaran ang IRC ng 20 libong dolyar na grant mula sa DDS noong 2017. Nalulugod ang IRC na ipaalam sa komunidad na patuloy na nakakamit ng grant ang layunin nitong alisin ang mga balakid sa transportasyon. Hanggang sa maubos natin ang grant na ito, ang mga pamilyang may mga balakid sa transportasyon na sumasailalim sa proseso ng intake at pagiging kwalipikado sa IRC, na kadalasang kinakailangang dumalo sa tatlong magkakaibang appointment, ay patuloy na ire-refer para makatanggap ng gas card para alisin ang mga balakid sa transportasyon at bawasan ang mga hindi napupuntahang appointment na nauugnay sa proseso ng intake at pagiging kwalipikado. Simula noong Disyembre 31, 2021, 175 gas card ang ibinigay sa 129 na pamilya ng IRC sa kabuuan na nahaharap sa mga balakid sa transportasyon. Sa 129 na pamilyang iyon, 95 o 74% ang may bukas at aktibong kaso sa IRC ngayon. Ipinapakita ng chart sa ibaba ang mahalagang data na nauugnay sa mga kliyenteng iniugnay sa grant sa transportasyon.



Ang isang halimbawa ng kuwento ng tagumpay na nauugnay sa grant sa transportasyon para sa taong 2021, ay tungkol sa isang nahihirapang pamilya na nakatira sa Barstow at dumaan sa proseso ng intake ng IRC. Binubuo ang pamilya ng lolo at lola na nag-aalaga ng apat na apo, kung saan may isang may kapansanan. Dahil sa mga detalye sa mga pangangailangan ng kliyente, naibigay ng remote na psychologist ng IRC sa lungsod ng Murrieta sa pamilyang Barstow ang isang dating nakanselang appointment ng ibang pamilya. Nabigyang-daan ng grant sa transportasyong ito na bumiyahe ang pamilya papuntang Murrieta na 240 milya ang distansya kapag balikan, at nabigyang-daan silang makumpleto ang proseso ng intake ng IRC nang mabilis at nakuha nila ang lubos na kinakailangang mga serbisyo sa panrehiyong sentro at mga serbisyo sa pamamahala sa kasalukuyang kaso. Salamat sa Intake team ng IRC para sa pagbabahagi ng kuwentong ito ng tagumpay.

Virtual na Spanish na grupo ng suporta sa magulang

Ang Virtudes Especiales, ang virtual na Spanish na grupo ng suporta sa magulang ng IRC, ay patuloy na sumusulong at nagsimula na sa ikalawang taon nito. May ibang paksa sa bawat pagpupulong, at nagsisilbi rin ang grupo ng suporta bilang platform para magbahagi ng mga resource, tagumpay, at hamon na kapupulutan ng aral ng lahat ng dadalo. Makikita sa ibaba ang ilang detalye ng iba't ibang talakayang nakaplano para sa Virtudes Especiales sa taong 2022 habang ginagawang kada quarter ang pagpupulong.



Petsa	Paksa	Tagapresenta
Enero 12, 2022	Ano ang mga Panrehiyong Sentro?	Disability Rights California
Abril 13, 2022	Session ng Mga Tanong at Sagot sa Supplemental Security Income (SSI)	Disability Rights California
Hulyo 12, 2022	Mga Alternatibo sa Conservatorship	Disability Rights California
Oktubre 18, 2022	Pagtatrabaho at Pag-transition	Disability Rights California

Mga Pakikipagtulungan sa Grupo ng Suporta

Ang Espesyalista sa Kultura ay patuloy na nakikipagtulungan sa maraming grupo ng suporta sa magulang sa mga county ng Riverside at San Bernardino, nagre-refer sa mga magulang sa mga grupo ng suporta, nagbabahagi ng mga resource sa mga pinuno ng grupo, at kapag inanyayahan, nagpepresenta ng mga session ng Q&A sa mga grupo. Noong 2021, virtual na ipinresenta ng Espesyalista sa Kultura ang “session ng Q&A kasama ang IRC” sa dalawang Spanish na grupo ng suporta sa magulang at “IRC at ang Pandemya” sa dalawang karagdagang Spanish na grupo ng suporta sa magulang.

Ang mga sumusunod ang mga pamilya at lokasyon ng mga grupo ng suporta sa magulang kung saan nakikipagtulungan ang Espesyalista sa Kultura:

- NES Padres Empoderados – Coachella Valley
- Somos Una Voz – Victorville
- Padres Con Poder – Corona
- Angeles Especiales – Fontana
- Angeles con Futuro – San Bernardino
- Broad Spectrum Broader Minds – Moreno Valley
- Padres Excepcionales – San Bernardino

Page ng SAE sa Website ng IRC

Ang Espesyalista sa Kultura, sa pakikipagtulungan sa team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, ay gumawa at nag-publish ng page ng Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo (SAE) sa website ng IRC. Ang page ng SAE ay nagsisilbing tool na nagbibigay-kaalaman para sa komunidad ng IRC at mga tauhan ng IRC. Ang page ng SAE ay nagbibigay ng impormasyong nauugnay sa mga pagsisikap ng SAE, mga programa at proyekto ng SAE, mga event na available sa mga kliyente at pamilyang kakaunti o walang natatanggap na serbisyo, listahan ng mga grupo ng suporta sa magulang, mga karaniwang pagdadaglat, listahan ng mga madalas itanong, at mga link sa batas na sumusuporta sa mga pagsisikap ng SAE. Inaanyayahan kayong tuklasin ang page ng SAE na maa-access sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng IRC sa inlandrc.org/SAE.

Proyekto mula sa Grant sa SAE na Kakayahan sa Kultura

Ang aplikasyon ng IRC sa grant sa SAE para sa proyektong "Kakayahan sa Kultura – Isang Tool para sa Pagkakapantay-pantay" ay inaprubahan ng DDS at kasalukuyang ipinoproseso. Mula noong Disyembre 31, 2021, ang team ng mga facilitator na inatasang ilunsad ang proyektong ito ay naghatid ng limang pagsasanay sa kasanayan sa kultura sa mga pinuno at tagapagtaguyod ng komunidad sa pamamagitan ng platform ng C.L.A.S.E. ng Komunidad ng Kagawian, sa mga adult na kliyente ng IRC, at mga tauhan ng IRC. Layunin ng proyektong ito na paligiran ang ating mga kliyente ng mga indibidwal na may kasanayan sa kultura at magbigay-kaalaman sa kahalagahan ng kakayahan sa kultura kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa pamamahala ng kaso. Noong 2022, may mga pagsasanay sa kasanayan sa kultura na nakaiskedyul para sa iba't ibang audience kabilang ang mga provider ng mga serbisyo ng IRC, mga tauhan ng IRC, mga adult na kliyente ng IRC, mga magulang na may anak na may bukas na kaso sa IRC, ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Suporta sa Bata ng San Bernardino, at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Bernardino. Binigyang-daan din ng grant na ito ang pagbibigay ng anim na oras na pagsasanay sa implicit bias para sa mga tauhan ng IRC na nakaiskedyul sa Mayo 2022.

SAE Lab para sa Mga Bagong Tauhan ng IRC

Noong 2021, sinimulan ng Espesyalista sa Kultura na makipagpulong sa mga bagong na-hire na tauhan ng IRC sa pinamagatang, "SAE Lab ng Mga Bagong Tauhan." Ang layunin ng SAE Lab ng Mga Bagong Tauhan ay ipaalam sa mga bagong tauhan ng IRC kung ano ang kasama sa Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo (SAE), mga gastusin at pagkakaiba-iba sa POS, mga pagsisikap ng SAE sa intra-agency at interagency, mga nag-aambag na salik at balakid sa mga tool ng SAE para matiyak ang pagkakapantay-pantay, at kung paano sila makakasali sa mga pagsisikap ng SAE bilang bahagi ng team ng IRC. Nakaiskedyul ang SAE Lab para sa mga bagong tauhan ng IRC nang maraming beses sa 2022.

CBO Collaborative

Ang CBO Collaborative, na isang buwanang pagpupulong na nagbubuklod-buklod sa inyong mga Tagapag-ugnay ng Serbisyo, Espesyalista ng Kultura, at mga CBO na may proyektong

pinopondohan ng grant sa SAE na mula sa DDS upang makaugnayan ang mga pamilyang hindi sapat ang natatanggap na serbisyo mula sa IRC, ay patuloy na sumusulong at nagsimula na sa ikatlong taon nito. Ang CBO Collaborative ay nagsisilbing team building platform para magbahagi ng mga kuwento ng tagumpay at talakayin ang mga solusyon sa mga balakid na nakakaapekto sa mga pamilya na mahirap makaugnayan at maiugnay sa mga lubos na kinakailangang serbisyo. Ang karaniwang bilang ng mga dumalo noong 2021 para sa CBO Collaborative ay mula 15 hanggang 70 kalahok kada pagpupulong.

Disparity Link
Ang Disparity Link, ang team ng mga tauhan ng IRC mula sa iba't ibang departamento at ang Espesyalista ng Kultura ay patuloy na nagpupulong kada buwan at nagsimula na sa kanilang ikatlong taon. Tinatalakay ng team na ito ang "lahat ng bagay tungkol sa pagkakaiba-iba" kabilang ang mga update, balita sa SAE, at tagumpay at mga hamong nauugnay sa mga pamilyang hindi sapat ang natatanggap na serbisyo. Nagbabahagi ang team na ito ng mga resource at tinatalakay nito ang mga solusyon sa mga kilalang balakid na nakakaapekto sa mga pamilya ng IRC na hindi sapat ang natatangap na serbisyo. Ibinabahagi ng bawat miyembro ng Disparity Link ang impormasyong tinalakay sa buwanang pagpupulong sa iba pa nilang kasamahan at sa Manager ng Programa. Ang layunin ay tumulong na ipamahagi ang pinakabago at tumpak na impormasyon tungkol sa SAE sa lahat ng departamento sa IRC. Ang karaniwang bilang ng mga dumalo noong 2021 para sa Disparity Link ay mula 10-18 kalahok.

Mga pagpupulong kada quarter na "Lahat ng Bagay Tungkol sa Pagkakaiba-iba"
Ang Direktor ng Mga Serbisyo sa Komunidad, ang Direktor ng School Age at Pag-transition, ang Manager ng Programa ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, at ang Espesyalista sa Kultura ay nagsimulang magpulong kada quarter noong Agosto 2020 at nagpatuloy silang magpulong noong 2021. Ang pagpupulong kada quarter ay nagsisilbing platform para magawa ng Espesyalista sa Kultura na magbahagi ng balita at mga update sa SAE, sagutin ang mga tanong na nauugnay sa mga proyekto at layunin ng SAE, at makakuha ng feedback at mga suhestyong nauugnay sa mga hamong nakakaapekto sa mga pagsisikap na nauugnay sa SAE. Pakitandaang isa itong intra-agency na pagpupulong.

Pakikipag-usap at Mga Partnership, Komunikasyon, at Pagsasanay

Pakikipag-usap at Mga Partnership: Unit para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
Ang Inland Regional Center ay may unit para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad. Binubuo ang team na ito ng dalawang Technician ng Suporta sa Consumer, tatlong Tagapagtaguyod ng Consumer, isang Espesyalista sa Public Relations, isang Espesyalista sa Kultura, isang Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyong Pang-emergency, Developer ng Mga Event at Espesyalista sa Pakikipag-usap, at pinamumunuan ito ng isang Manager ng Programa. Daragdagan ng miyembro ang team na ito at kasalukuyan itong naghahanap ng bagong Espesyalista sa Kultura na tutuon sa mga pagsisikap sa access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo para sa komunidad ng Mga Bingi at May Problema sa Pandinig ng IRC. Dumadalo ang team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad sa mga pakikipag-usap sa mga county ng Riverside at San Bernardino upang makausap ang mga kliyente at magbigay ng kaalaman tungkol sa kung paano at bakit naglilingkod ang IRC at sino ang pinaglilingkuran nito. Dahil sa pandemya, sa mga virtual platform lang dinaluhan ang mga pakikipag-usap. Marami sa ating mga oportunidad sa pakikipag-usap ay nagmumula sa mga partnership ng IRC sa komunidad. Nagsisikap ang IRC na bumuo ng mga ugnayan sa Mga Partner sa Komunidad na naglilingkod sa komunidad ng mga may ID/DD sa mga County ng Riverside at San Bernardino. Ang sumusunod ay listahan ng mga

partner sa komunidad ng IRC:

- Access Non-Profit Center
- Autism Society Inland Empire (ASIE)
- Disability Rights California (DRC)
- Familias First
- Tanggapan ng Pagtataguyod ng Mga Karapatan ng Mga Kliyente (OCRA)
- Padres Con Ganas
- Prep it Forward
- Departamento ng Sheriff ng County ng San Bernardino
- Pang-estadong Konseho para sa Mga Developmental na Kapansanan (SCDD)
- Team ng Mga Tagapagtaguyod para sa Mga Batang May Espesyal na Pangangailangan (TASK)
- University of California Riverside (UCR)/SEARCH
- Mga Grupo ng Suporta sa Magulang
    - Corona
    - Fontana
    - Moreno Valley
    - Palm Desert
    - Rialto
    - San Bernardino
    - Victorville

Komunikasyon: Website, Newsletter, at Social Media ng IRC

Ang IRC ay may website sa English at Spanish na pinapamahalaan, ina-update, at pinapangasiwaan ng Unit para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad. Ang website ay may average na 250k pagbisita kada taon at mula Marso 25, 2022, ang constant contact ay may 8,051 subscriber. Inaanyayahan at hinihikayat namin ang lahat na tingnan ang website ng IRC gamit ang mga link na ito:

- English – https://www.inlandrc.org/
- Spanish – https://www/inandrc.org/es/

Ang newsletter kada quarter ng IRC ay binago, na-rebrand, at inilunsad ulit noong Hulyo 2020. Makatanggap ng mga update sa email at manatiling updated sa lahat ng bagay tungkol sa IRC sa pamamagitan ng pag-subscribe sa newsletter ng IRC gamit ang link na ito: https://www.inlandrc.org/sign-up/

Sikat sa Facebook ang social media ng IRC na may 10,390 follower, na nadagdagan mula sa 9,916 noong nakaraang taon at mayroon itong 100% rate ng pagtugon sa loob ng isang oras: https://www.facebook.com/InlandRegionalCenter/

May 2,099 na follower sa Instagram, na nadagdagan ng 110% mula noong 2020: https://www.instagram.com/inlandregionalcenter/

May 1,089 na follower sa Twitter at hindi nabawasan o nadagdagan ng mga follower: https://twitter.com/inlandregional

Pagsasanay

Bilang pagtugon sa pandemya, nagsimulang magbigay ang Unit para sa Pagsasanay at Pag-

develop ng IRC ng mga virtual na pagsasanay sa mga bago at kasalukuyang tauhan ng IRC, Provider ng Serbisyo ng IRC, at Consumer at pamilya. Ang sumusunod ay listahang nagpapakita ng mga pagsisikap na iyon:

- Mga Virtual na Pagsasanay sa Provider ng Serbisyo
- Portal ng LMS para sa Mga Magulang - live na may Oryentasyon sa SDP
- Virtual na pagsasanay sa lahat ng tauhan at oryentasyon ng mga bagong tauhan
- Mga Virtual na Pagsasanay sa Magulang/Pamilya/Consumer

Iba Pang Pagsisikap sa Pakikipag-usap at Pagtataguyod

Aktion Club

Noong 2020, nagpulong ang Aktion Club kada quarter at pinagtuunan nila ang pagsasanay at mga kasanayan sa pamumuno para sa mga kliyente. Sa kasamaang-palad, inihinto ang Aktion Club noong 2021 dahil sa kakulangan ng interes. Walang kliyente, maliban sa Mga Tagapagtaguyod ng Kliyente ng IRC, ang dumalo sa anumang pagpupulong na nakaiskedyul noong nakaraang taon.

"Hang Out"

Nagsimula ang Hang Out bilang tugon sa pandemya ng COVID-19. Isa itong virtual na pagtitipon na pinamumunuan ng isa sa Mga Tagapagtaguyod ng Consumer ng IRC at nagpupulong ang grupo kada linggo sa loob ng 1.5 oras. Nagsimula ang Hang Out noong Abril 2020 at patuloy itong isinasagawa ngayon at maraming dumadalo dito. 100+ kliyente ang karaniwang dumadalo. Talagang naging mainam ito dahil nakadalo sa mga lingguhang pagpupulong ang mga kliyente mula sa Blythe at Coachella Valley. Pinagtuunan ng mga paksa at pag-uusap sa Hang Out ang pakikipagkapwa sa panahon ng pandemya at ginawa ng mga ito ang mga agenda nito batay sa mga kagustuhan ng mga dumalo. Dagdag pa rito, noong Pebrero 10, 2022, ipinresenta ng Epesyalista sa Kultura ng IRC ang Power Point ng pagkakaiba-iba ng POS sa mga dumalo sa Hang Out at hiningi niya ang kanilang mungkahi. Makikita ang nakalap na mungkahi sa ikapitong pahina ng ulat na ito.

Grassroots Day

Taon-taon, dumadalo ang lahat ng 21 panrehiyong sentro sa Grassroots Day sa kapitolyo sa Sacramento. Noong 2021, naganap ang event na ito sa isang virtual platform. Ang Grassroots Day ay isang event na inoorganisa ng Asosasyon ng Mga Ahensya ng Panrehiyong Sentro (Association of Regional Center Agencies o ARCA). Binibigyan ng event na ito ng pagkakataon ang mga team ng Panrehiyong Sentro na makipagpulong sa maraming mambabatas at itaguyod ang mga pangangailangan ng kliyente. Isa itong pagkakataon para talakayin ang mga balakid at hamon na kinakaharap ng mga kliyente, pamilya, panrehiyong sentro, at provider ng serbisyo. Sa 2022, magdaragdag ang IRC ng magulang sa Team para sa Grassroots Day. Makakatulong itong bigyan ang mga mambabatas ng pananaw ng magulang at bigyan ang magulang ng platform para magtaguyod.

Mga Hamon at Balakid na nauugnay sa SAE

Mga highlight ng data ng pagkakaiba-iba ng POS

Sa mga nakaraang taon, nakatuon ang mga pagsisikap sa access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo ng IRC sa tatlong pangunahing bahagi, mga kliyenteng may pangunahing diagnosis na Autism, mga kliyenteng Spanish ang pangunahing wika, at mga kliyenteng may Hispanic na

etnisidad. Noong 2021, nakipagtulungan ang IRC sa CBO na Access Non-Profit Center, na sumali sa mga pagsisikap ng IRC sa pamamagitan ng kanilang programang Parenting Black Children na nakatuon sa kanilang mga pagsisikap sa access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo sa mga Black/African American na pamilyang hindi sapat ang natatanggap na serbisyo. Ibinubuod ng impormasyon sa ibaba ang data para sa mga focus group ng SAE.

Autism

Ipinapakita ng data ng POS sa 2020-2021 na 14,129 na kliyenteng may pangunahing diagnosis na Autism ang napaglingkuran ng IRC, 9,315 kliyente ang nakatanggap ng mga serbisyo, at 4,814 o 34.1% ang hindi nakatanggap ng mga serbisyong binili ng IRC. Sa loob ng isang taon, nagkaroon ng 1,655 bagong kliyente na may pangunahing diagnosis na Autism. Kapag inihambing ang data sa taon ng pananalapi 2019/2020, lumaki nang 4.5% ang pagkakaiba-iba.

Black/AA

Ipinapakita ng data ng POS para sa taon ng Pananalapi 2020/2021 na 4,115 Black/African American na kliyente ang pinaglingkuran ng IRC, 3,002 kliyente ang nakatanggap ng mga serbisyo at 1,113 o 27.1% ang hindi nakatanggap ng mga serbisyong binili ng IRC. Sa loob ng isang taon, nagkaroon ng 112 bagong kliyente na itinuturing ang sarili bilang Black/African American, at ipinapakita ng paghahambing ng data sa nakaraang taon na tumaas nang 3.9% ang pagkakaiba-iba.

Hispanic

Ipinapakita ng data ng POS sa 2020/2021 na 16,365 na kliyenteng may Hispanic na Etnisidad ang pinaglingkuran ng IRC, 11,536 na kliyente ang nakatanggap ng mga serbisyo, at 4,829 o 29.5% ang hindi nakatanggap ng mga serbisyong binili ng IRC. Sa loob ng isang taon, nagkaroon ng 377 bagong kliyente na itinuturing ang sarili bilang Hispanic, at ipinapakita ng paghahambing ng data sa nakaraang taon na lumaki nang 3.4% ang pagkakaiba-iba.

Mga Nagsasalita Lang ng Spanish

Ipinapakita ng data ng POS sa 2020/2021 na 7,819 na kliyenteng Spanish ang pangunahing wika ang pinaglingkuran ng IRC, 5,940 kliyente ang nakatanggap ng mga serbisyo, at 1,879 o 24% ang hindi nakatanggap ng mga serbisyong binili ng IRC. Sa loob ng isang taon, nagkaroon ng 98 bagong kliyente na Spanish ang pangunahing wika, at kapag inihambing ito sa data mula noong 2019/2020, lumaki nang 2.5% ang pagkakaiba-iba.
Kapag tinitingnan ang data ng pagkakaiba-iba ng Hispanic at nagsasalita lang ng Spanish, mahalagang isaalang-alang na ang mga kliyenteng kinikilalang Hispanic ang kanilang etnisidad ay hindi palaging mga kliyenteng nagsasalita ng Spanish at itinuturing ng maraming Hispanic na English ang kanilang pangunahing wika. Ang mga Hispanic na nagsasalita ng English ay maaaring bilingual o hindi talaga nagsasalita ng Spanish.

Ipinapakita ng taon ng pananalapi 2020/2021 na lumaki ang pagkakaiba-iba sa lahat ng kliyente anuman ang etnisidad, edad, o diagnosis. Mahalagang tandaan na ang mga pagsisikap sa access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo ng IRC kabilang ang mga partnership sa CBO ay nakatuon sa paglilingkod sa lahat ng kliyente anuman ang edad, etnisidad, pangunahing wika, at diagnosis. Maraming kailangang gawin kaugnay ng mga kliyenteng hindi sapat ang natatanggap na serbisyo at patuloy na itutuon ng IRC ang mga programa, pagsisikap, at partnership nito sa SAE sa pag-aalis ng pagkakaiba-iba.

Autism	Black/African American	Hispanic	Mga Nagsasalita Lang ng Spanish
•Kabuuang bilang ng mga kliyente •14,129 •Pagdami •1,655 bagong kliyente •Walang POS •4,814 = 34.1% •4.5% paglaki ng pagkakaiba-iba	•Kabuuang bilang ng mga kliyente •4,115 •Pagdami •112 bagong kliyente •Walang POS •1,113 = 27.1% •3.9% paglaki ng pagkakaiba-iba	•Kabuuang bilang ng mga kliyente •16,365 •Pagdami •377 bagong kliyente •Walang POS •4,829 = 29.5% •3.4% paglaki ng pagkakaiba-iba	•Kabuuang bilang ng mga kliyente •7,819 •Pagdami •98 bagong kliyente •Walang POS •1,879 = 24% •2.5% paglaki ng pagkakaiba-iba

Mga highlight ng data ng paggastos

Sa taon ng pananalapi 2020/2021, gumastos ang IRC ng mahigit 583 milyong dolyar upang bumili ng mga serbisyo para sa mga kliyente. Kabilang sa pondong ito ang mga serbisyong para sa lahat ng kliyente, anuman ang edad at etnisidad sa mga county ng Riverside at San Bernardino. Available ang ulat ng POS, at lubos naming hinihikayat ang lahat na suriin ang buong ulat. Naglalaman ang ulat ng POS ng data na nagpapakita ng paggastos ayon sa edad, etnisidad, diagnosis, pangunahing wika, at tirahan. Idinedetalye rin ng ulat ng POS ang bilang ng mga kliyenteng tumanggap ng mga serbisyong binili ng IRC at ang bilang ng mga kliyenteng hindi nakatanggap nito. Makikita ninyo ang ulat sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa inlanrdrc.org, i-click ang tab na accountability, hanapin ang seksyong transparency, buksan ang tab na purchase of service kung saan makikita ninyo ang Data ng Pagkakaiba-iba ng POS na naka-post ayon sa taon.

- ENGLISH - https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2022/01/IRC-POS-Disparity-Data-Reports-2020-2021-2.pdf
- SPANISH - https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2022/01/IRC-POS-Disparity-Data-Reports-2020-2021-2-Sp.pdf

Ayon sa data ng POS, ang pinakamalaking grupo na nakakaranas ng pagkakaiba-iba sa serbisyo na pinaglilingkuran ng IRC ay may etnisidad na Hispanic na edad 3-
21. Ang per capita na paggastos ng mga Hispanic na kliyenteng edad 3-21 ay $6,122 kumpara sa $6,286 na per capita na paggastos para sa mga White na kliyente, na may pagkakaibang $164 kada kliyente. Ginamit ng Hispanic na grupo mula sa lahat ng edad ang 68.5% ng kanilang mga awtorisadong serbisyo, kumpara sa mga White na kliyente na gumamit ng 69.2% ng mga awtorisadong serbisyo; gayunpaman, ang mga awtorisadong serbisyo per capita para sa mga Hispanic na kliyente mula sa lahat ng edad ay $17,541 kumpara sa $33,894 na mga awtorisadong serbisyo per capita para sa mga White na kliyente; na may pagkakaibang $16,353 kada kliyente.

Iba Pang Data na Nauugnay sa SAE

Ang mga kliyenteng itinuturing ang Spanish bilang kanilang pangunahing wika ay ang pangalawang pinakamalaking grupo na pinaglingkuran ng IRC, na may 7,814 na kliyente sa kabuuan. Kapag tiningnan ang data ng POS sa nakalipas na limang taon, ang bilang ng mga kliyenteng itinuturing ang Spanish bilang kanilang pangunahing wika ay nabawasan nang halos kalahati ng bawat nakaraang taon. Narito ang isang representasyon ng grupong ito.



Pagdami ng Mga Kliyente at Tauhan

Noong Disyembre 2020, ang IRC ay may 40,101 bukas na kaso sa mga county ng Riverside at San Bernardino. Noong Disyembre 2021, may 42,176 na bukas na kaso ang IRC. Nadagdagan ito ng 2,075 bagong kaso sa isang taon, kung saan 173 ang average na bagong kaso kada buwan.

Sa taon ng pananalapi 2020/2021, naharap ang IRC sa hamon ng pagpuno sa 40 bakanteng posisyon. Mula noong Hunyo 2021, napunan ng IRC ang lahat ng 40 posisyon at karagdagang siyam na posisyon. Noong Disyembre ng 2020, may 779 na tauhan ang team ng IRC at pagkalipas ng isang taon noong Disyembre 2021, may 787 miyembro ang IRC. 8 tauhan lang ang nadagdag dito. Maraming bakanteng posisyon sa IRC at kasalukuyan itong nagha-hire para magdagdag ng mga masigasig at dedikadong propesyonal sa workforce nito. Kung kayo o ang isang taong kilala ninyo ay interesadong sumali sa team ng IRC at para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga oportunidad sa trabaho at kung paano mag-apply, pakibisita ang website ng IRC sa inlandrc.org/careers/.

Mga Sistemikong Hamon at Balakid sa Komunidad ng IRC at sa IRC

Gumawa ang Pandemya ng mga hamong hindi inaasahan, at marami sa mga ito ay nararanasan pa rin nating lahat. Ipinapakita ng data noong 2020/2021 na naapektuhan ng paglaki ng pagkakaiba-iba ang mga kliyente mula sa lahat ng etnisidad, lahat ng edad, at lahat ng diagnosis. Kabilang sa ilang hindi inaasahan at posibleng balakid na naging dahilan ng paglaki ng pagkakaiba-iba ang, pero hindi limitado sa:

- Mga Vendor ng IRC na nagsara ng kanilang negosyo dahil sa mga epekto ng pandemya sa pinansya
- Hindi makapagbigay ang mga vendor ng IRC ng mga serbisyo dahil sa mga paghihigpit sa panahon ng pandemya
- Patuloy na dumami ang bilang nga mga kaso kada Tagapag-ugnay ng Serbisyo sa kabuuan ng pandemya
- Naharap ang IRC sa hindi inaasahang turnover ng mga tauhan
- Noong 2020/2021, ang paraan para manatiling konektado ay lubos na nakadepende sa tekonolohiya, at maraming pamilya ang walang access o wastong kaalaman sa kung paano ito gamitin

Ang komunidad ng IRC ay patuloy na nahaharap sa mga sistemikong balakid at mga balakid na

dulot ng pandemya. Ang komunidad ng IRC ay patuloy na hinahamon ng kakulangan ng pag-unawa sa mga serbisyo ng IRC, ng sistema ng Panrehiyong Sentro, ng pamantayan ng pagiging kwalipikado, at ng proseso
ng pag-apela. Patutuloy na nagiging balakid ang transportasyon para sa mga pamilyang nakatira sa mga rural na lugar at sa mga nahaharap sa mga problema sa pinansya. Ang pangangalaga sa bata ay isa pang karaniwang balakid, partikular sa mga pamilya kung saan ang kliyente ay may mga nakababatang kapatid na kailangang alagaan. Ang mga serbisyo sa pagpapahinga ay kadalasang mahirap gawin dahil sa maling impormasyon tungkol sa mga oras ng pagpapahinga, kung sino ang kwalipikado o hindi kwalipikadong maging provider na pipiliin para sa mga pamilyang humihiling ng personal/pribadong provider, kakulangan ng mga vendor sa mga komunidad na mas maliit ang populasyon, at mga rate ng vendor na mandatoryong ibigay ng IRC sa mga Provider nito ng Serbisyo.
Hindi na masyadong karaniwan ngayon ang mga ulat tungkol sa mga pamilyang nahihirapang makipag-ugnayan sa kanilang Tagapag-ugnay ng Serbisyo kaysa noong mga nakaraang taon, pero balakid pa rin ito sa mga pamilyang hindi nagsasalita ng English o hindi gumagamit ng email bilang anyo ng komunikasyon. Ang pandemya ay patuloy na nagiging balakid para sa mga pamilya ng IRC at naapektuhan nito ang IRC at paghahatid ng pangkalahatang serbisyo.
Bilang ahensya, nahaharap ang IRC sa mga balakid tulad ng ratio ng caseload. Namamahala ang ating mga Tagapag-ugnay ng Serbisyo ng mas maraming caseload kaysa sa nakasaad sa Lanterman Act. Ang karamihan sa mga Tagapag-ugnay ng Serbisyo sa IRC ay nangangasiwa ng 70-85 caseload at humigit-kumulang 90-110 kliyente. Dahil sa patuloy na pagdami ng ating mga bago at inililipat na kaso, nahihirapan ang IRC na mag-hire ng sapat na tauhan na mangangasiwa sa 41,000 aktibong kaso na kasalukuyang hawak natin. Ang malawak na heograpikong lugar na sakop ng IRC, kung saan kasama ang county ng Riverside at San Bernardino, na mahigit 27,000 square miles sa kabuuan, ay madalas na nahaharap sa hamon ng kawalan ng nakontratang vendor na magbibigay ng mga serbisyo sa mga lugar na rural at may maliit na populasyon. Patuloy na nagiging dahilan ang pandemya sa mga balakid na ito. Ang isa pang balakid na nakakaapekto sa pagbibigay ng POS ay mga median rate. Ang mga median rate ay ipinag-uutos ng estado ng California. Ang mga rate ng IRC ay mas mababa kaysa sa mga mga median rate sa buong estado, at nakakapanghina ng loob at mahirap ito para sa mga bagong vendor at mga vendor na may mga makabagong programa. Ang iba pang panrehiyong sentro ay maaaring mag-alok ng mas matataas na rate sa mga provider ng serbisyo, na nagiging dahilan ng pagbibigay ng maraming vendor ng kanilang mga serbisyo sa iba pang county, sa labas ng sinasaklawang lugar ng mga IRC. Ipinapakita ng mga halimbawa sa ibaba kung gaano kababa ang mga rate ng IRC kaysa sa mga median rate sa buong estado. Huling in-update ang mga rate noong 2016. Ang mga median rate at iba pang pamamaraan ng rate ay patuloy na nagiging bahagi ng talakayan sa pagitan ng DDS at mga Panrehiyong Sentro. Hinihikayat namin ang komunidad ng IRC na sumali sa mga pagsisikap ng IRC para makahikayat ng higit pang serbisyo para sa mga kliyente, lalo na sa mga nakatira sa mga lugar na rural at mas maliit ang populasyon, para ipagpatuloy ang pag-uusap sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang mga lokal na mambabatas at mambabatas ng estado.

Code ng Serbisyo	Uri ng Serbisyo	Mga Median Hourly Rate sa Buong Estado noong 2016	Mga Hourly Rate ng IRC noong 2016
062	Personal Assistant	$16.16	$12.61
110	Suporta sa Programa para sa Mga Karagdagang Pangmaghapong Serbisyo	$13.08	$10.28
605	Adaptive Skills Trainer	$45.26	$17.29
642	Interpreter	$40.86	$28.62
880	Transportasyon – Karagdagang Component	$22.22	$9.97

Mga Panukalang Layunin na Nauugnay sa Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo sa 2021/2022

- Magbibigay ng 6 na oras na pagsasanay sa Implicit Bias sa mga Tauhan ng IRC sa Mayo 2022, at iiiskedyul ito sa hinaharap ayon sa itinagubilin ng DDS.
- Ang Proyekto mula sa Grant sa SAE na Kakayahan sa Kultura – Isang Tool para sa Pagkakapantay-pantay ay nakaiskedyul na matapos sa Mayo 31, 2022. Ang mga pagsasanay sa Kakayahan sa Kultura sa hinaharap ay patuloy na iiiskedyul para sa mga Tauhan ng IRC, Provider ng Serbisyo, Lupon ng Mga Katiwala ng IRC, at mga partner sa komunidad.
- Magsisimula ang Espesyalista sa Kultura ng mga bagong grupo ng suporta sa magulang sa komunidad. Ang mga partikular na target na lugar para sa mga grupo ng suporta kapag napagpasyahang ligtas nang makipagpulong nang personal, ay isang grupo ng suporta sa lungsod ng Chino at/o Ontario, at isa sa pakikipagtulungan sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Bernardino, at/o zero na grupo ng suporta sa magulang ng POS sa pakikipagtulungan sa DRC/OCRA.
- Magsaayos ng session ng pagsasanay sa kung “Paano Magbigay ng Mungkahi ng Publiko” para sa mga stakeholder ng IRC na idaraos ng DRC.
- Patuloy na iho-host at papalaguin ng Espesyalista sa Kultura ang Virtudes Especiales, ang virtual na Spanish na grupo ng suporta sa magulang ng IRC.
- Ang Espesyalista sa Kultura, sa pakikipagtulungan sa Unit para sa Pagsasanay at Pag-develop ng IRC, ay patuloy na magbibigay ng pangkalahatang-ideya tungkol sa pagkakaiba-iba na tinatawag na “Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo” sa mga bagong na-hire na tauhan.
- Ang IRC ay patuloy na makikipag-usap at magdaraos ng mga pagsasanay sa komunidad ng IRC at mga partner sa komunidad. Ang IRC ay patuloy na bubuo ng mga bagong partnership sa catchment area nito na nakatuon sa pakikipag-ugnayan sa mga kasalukuyan at potensyal na pamilya ng IRC.

- Ang Team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ay magpapatuloy na tiyakin ang bilingual na komunikasyon sa English at Spanish sa pamamagitan ng website ng IRC, mga social media platform, at sa electronic na newsletter kada quarter.
- Patuloy na iho-host at papalaguin ng Espesyalista sa Kultura ang CBO Collaborative.
- Patuloy na iho-host at papalaguin ng Espesyalista sa Kultura ang team ng Disparity Link.
- Magdaragdag ng magulang mula sa IRC ang Team para sa Grassroots Day sa taunang event na ito na virtual na gaganapin sa Abril 5, 2022.
- Patuloy na magbibigay ang Team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ng klase sa pagpaparehistro ng botante kada taon.
- Pupunan at ide-develop ng Team para sa Pakikilahok ng Komunidad ang posisyong Espesyalista sa Kultura para sa Bingi at May Problema sa Pandinig.
- Pupunan at ide-develop ng team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang posisyong Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyong Pang-emergency.
- Patuloy na i-host ang mga social platform ng kliyente ng IRC: "Hang Out" at *C.O.N.N.E.C.T.*
- Patuloy na makikipagtulungan ang IRC sa mga kasalukuyan at bagong CBO na may mga proyekto ng kaloob ng SAE na pinondohan ng DDS, kung saan ang Espesyalista sa Kultura ang Liaison ng CBO.
- Ang mga Espesyalista sa Kultura ay magsusulat at magsusumite ng bagong grant sa SAE sa DDS para sa isang proyektong nauugnay sa ASL o isang proyekto ng Partner na Magulang o isang Kumperensya sa SAE.

Kongklusyon

Ang Inland Regional Center (IRC) ang responsable sa paglilingkod sa pinakamalaking populasyon sa estado ng California na may mahigit 41,000 bukas na kaso. Patuloy na nagsisikap ang IRC na tiyakin ang access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo para sa mga grupong nakakaranas ng pagkakaiba-iba sa serbisyo, na kinabibilangan ng mga kliyenteng may Autism, Black/African American, Hispanic, at nagsasalita ng Spanish. Dapat ay isaalang-alang ang iba't ibang pangangailangan ng bawat pamilya ng IRC habang kinikilala at tinutugunan din ang mga hamon at balakid na nagpapahirap para makaugnayan ang mga pinakanahihirapang pamilya. Ang ilan sa mga hamon at balakid ay pinalala ng, ngunit hindi limitado sa, socioeconomic na katayuan, mga balakid sa kultura at wika, kakayahang magbasa at magsulat, mga natatangi at iba't ibang pangangailangan ng bawat indibidwal na kliyente at pamilya, mga kahihinatnang nauugnay sa COVID-19, kawalan ng tiwala, takot, mga balakid na nauugnay sa komunikasyon, kakulangan sa pag-unawa sa sistema ng RC at proseso ng pag-apela, at pangangailangan para sa mga makabago at makabuluhang programa.
Ang mga pagsisikap sa pagbibigay ng kaalaman at kakayahan ay patuloy na lumalago at patuloy na nakakarating sa mga pamilya ng IRC; gayunpaman, ang mga sistemikong problema na nasa kaibuturan ng kawalan ng pagkakapantay-pantay ay dapat munang matugunan bago magkaroon ng makabuluhang pagbabago sa mga layuning nauugnay sa access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo, at kabilang doon ang pagbabago sa mga median rate ng provider ng serbisyo at ratio ng caseload. Patuloy na makikipagtulungan ang IRC sa mga CBO na tumatanggap ng mga grant sa SAE mula sa DDS, at ng grant na iginagawad sa IRC na nagbibigay-daan sa pagbuo at pagbibigay ng mga tool at pagsasanay sa kaalaman sa kultura. Umaasa ang IRC sa positibong epekto ng mga proyektong ito. Patuloy na makikipag-ugnayan ang IRC sa komunidad na kinabibilangan ng mga magulang at tagapangalaga ng IRC, paraprofessional at propesyonal na naglilingkod sa mga kliyente rin ng IRC, sa pamamagitan ng

pagbibigay ng mga virtual na pagsasanay, pagbuo ng mga partnership, at pagpapalakas ng mga kasalukuyang pakikipagtulungan. Ang bilingual na website at bilingual na komunikasyon sa social media ng IRC ay patuloy na magsisilbing tool para magbahagi ng impormasyon sa English at Spanish.